# Desperasyon

Jeffersonville, Indiana, USA
Setyembre 1,1963

1 Manatili tayong nakatayo ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, kami'y sumasampalataya lamang. Ang utos Mo sa amin ay sumampalataya lamang kami, at sumasampalataya lamang kami ngayon. Pinasasalamatan Ka naming at pinapupurihan at sa kung ano ang narinig at nakita naming na nag-aangkla sa aming pananampalataya. Ngayon, pinasasalamatan Ka namin para sa isa na namang pagkakataon upang makaparito kami at nang makapaglingkod kami sa mga pangangailangan. At ang dalangin ko sa Iyo, Diyos katagpuin Mo nawa ang mga pangangailangan naming sa gabing ito ayon sa pangako Mo. Sa ngalan ni Jesus hinihiling naming ito. Amen.

2 Labis kaming nagagalak dahil sa pribilehiyo na muli kaming makabalik dito sa Tabernakulo dala ang Ebanghelyo ng nagbangong Panginoong Jesus. At nahuli ako nang kaunti. Mayroon kasi akong inaasikasong di pangkaraniwang madaliang kaso sa Michigan kani-kanina lamang . At gumawa ang Diyos sa amin ng isang kamangha-manghang bagay sa pagkakataon ding iyon. Naku, alam na alam Niya ang lahat ng bagay at inilatag Niya ito nang napaka…Hindi na kailangang sabihin pa sa Kaniya; alam na Niya (Kita n'yo?) — Alam Niya kung ano ang dapat gawin. Kaya nga labis tayong nagpapasalamat. Maghapong nagmaneho ang mga tao para makarating dito. At, lubos tayong nagpapasalamat dahil diyan. Ngayon, huwag ninyong kalilimutan ang…nakabukas na ba ang mga tape? Oh hayan…Nakikita ko na…[Nakipag-usap si Brother Branham kay Brother Neville-Ed] huwag ninyong kalilimutan ang — ang mga Gawain sa darating na linggo, sa Miyerkules ng gabi at sa darating na Linggo ng umaga, at sa linggo ng gabi. Kung sakaling naririto kayo sa kapitbahayan, na — alam kong totoo nilang ikalulugod na makapiling kayo rito. At ngayon, idalangin ninyo ako sa aking pag-alis upang tumungo sa ibang lugar, at umaasa akong makababalik agad akong muli. Nais ko kayong, idalangin ninyo ninyo ako sa aking pag-aalis upang tumungo sa ibang lugar, at umaasa akong makabalik agad muli.

3 Nais ko kayong pasalamatang lahat sa inyong kabutihan at — at sa mga alaala ng mga nagawa ninyo para sa akin. Isang kapatid ang nagpadala sa akin ngayon lang ng isang aparador ng mga damit mula sa isang maliit na iglesia sa Georgia. At — at…Ang mga taong…Sadyang kahanga-hanga ito. At nais kong pasalamatan ang mga taong iyon na galing pa sa Kentucky kung saan nagbakasyon ako nung isang linggo, sampu ng lahat ng ginawa ng Panginooon para sa amin doon — ang dakila, makapangyarihang kamay na nakita namin sa Kaniya, ginawa Niya.

4 Ngayon, umaasa kaming muli na naman naming kayong makikita sa madaling panahon, sa sandaling magawi ako rito pag napunta ako sa New York para magdaos ng Gawain. Iyon ay sa Stone church kasama si Brother Vick, simula sa, wari ko'y ika-12 ng Nobyembre. Dadaan kami rito ilang araw lang bago sumapit ang takdang oras. Pagkatapos ay muli kaming dadaan dito pa — patungo —sa Shreveport, Louisiana, kasama si Brother Jack Moore. Iyon ay Pasasalamat, sa linggo ng Pasasalamat, pupunta kami a Shreveport. Nakapaskil iyan sa bulletin board, wari ko, diyan sa likuran sa mga patalastas.

5 At pagkatapos, umaasa tayong makakapiling naman natin ang ilan sa mga kaibigan natin sa katimugan makapasko. At nasa Phoenix naman kami ng Enero. At pagakatapos ay maghihintay ako ng tawag mula sa ibayong dagat, upang maihanda naman natin ang mga Gawain sa ibayong dagat. Tinatrabaho na nila iyon ngayon, nitong nakaraang buwan pa, si Brother Borders, nakikipagsulatan na siya, para sa isang kumpletong paglalakbay sa buong mundo na pasisimulan natin sa sandaling maihanda na natin; ngunit kailangan nating antabayanan ang mga pangyayari.

Napakalaki ng mga kapulungan doon, hindi namin mapagkasya sa loob ng mga gusali, kinailangan talagang paupuin sila sa lupa. At pagkatapos, kung minsan ay dumadagsa sila, halos ay hindi kapani-paniwala ang dami nila, kung minsan ay umaabot sila ng daang libo; kalahating milyong tao iyon sa isang pagtitipon lang, hindi iyan ang bilang ng mga dumalo sa loob ng ilang araw, kundi sa isang pagtitipon lang. Alam ninyo, karaniwan ang binibilang ng ebanghelista ay kung ilan ang dumalo sa loob ng anim na lingo. Kita n' yo? Buweno, ang binilang naming ay kung ilan ang dumalo sa araw na iyon, sa isang pagkakataon lang. Kaya't kung minsan ay wala na silang maupuan; alam n'yo na, kakailanganin paupuin na lang sila sa lupa. At dapat ay itapat natin sa panahong hindi maulan at hindi bumubuhos ang malakas na ulan. At ang mga kawawang taong iyon ay nakaupo roon sa labas…May nakita akong mga babaeng nakaupo roon sa labas na basang-basa ang buhok nila, ang gaganda pa naman ng bihis nila, at ta — talaga namang maghapon silang nagpaulan, nakaupo lang sila roon, at ang lakas ng buhos ng ulan, at kumukulog at kumikidlat, at umiihip ang bagyo, at nakasandal sila sa isa'tisang ganyan, nakaupo sila roon, naghihintay na dumating ka upang ipanalangin sila. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo, kinikilala ng Diyos ang ganiyang uri ng pananampalataya. Kinikilala Niya iyan.

6 Kailangang may isang bagay kang gawin na maaaring kilalanin ng Diyos. Kita nyo? Ipakita n'yo sa kaniya…Ang mga taong inabot na lang sa kanila ang lahat ng mga bagay nang napakadali, karaniwang hindi nila—hin—hin— hindi sila gumagawa ng anuman para mapasakanila ang bagay na iyon. Kita n'yo? Kailangan n'yong… Walang bayad ang kaloob, totoo iyan, ngunit ka— kailangan mong… 8 Parang ganiyan iyan, alam n'yo, gaya ng sabi nila, kung isinilang kang may kutsarang pilak sa iyong bibig(narinig na ninyo

iyan), hindi ninyo ito nabibigyan ng pagpapahalaga. Ngunit kapag kailangan ninyong magpagal upang makuha iyon, doon lang ninyo nauunawaan ang kahalagahan nito.

7 Ngayon, sa mga taong nag-aasikaso ng mga tape diyan sa loob, nais ko sana — na — sa aking palagay… Sa Kaninang umaga, ang mensahe kaninang umaga, para sa akin ang pinakamahalagang mensahe sa kabuuan ng aking lingkuran, kaninang umaga(Kita n'yo?), pinakamahalagang mensahe iyon sa kabuuan ng aking lingkuran. Balang araw ay sasabihin ko sa inyo kung paano iyong dumating. At alam kong lahat ng bagay ay nakakalakip-lakip sa loob ng maraming buwan hanggang sa mabuo ang mensaheng iyon, unti-unti iyong umusad at umabot iyon sa dakong iyon. Iyon ang oras ng kaganapan nito. Nakikita ba ninyo? At isa itong…

8 Ngayon, natitiyak ko, o umaasa ako, na nakuha na ninyo ang— kung ano ang kahulugan ng Token. Kita n'yo? Ang Token ay isang tanda na naipahid na ang Dugo, na ang halagang hinihingi, ang kabayarang hinihingi ng Diyos, ay binayaran na ni Jesus sa pamamagitan ng pagbububo ng Sarili Niyang Dugo. Ginawa Niya iyon. Pagkatapos, mula sa buhay Niya ay dumating ang Espiritu Santo. At kapag naipahid na ang dugo sa iyo, ang Espiritu Santo ay isang Token na bayad na ang iyong halaga. Tinanggap ka na ng Diyos, at iyan ang Token. Alalahanin n'yo, iyan ang Token.

Ngayon, maraming tao ang hindi…Hindi nila nalalaman kung ano ang Token(Kita n'yo?), at kailangang gawin mo ito na para bang walang nakakaalam nito(Kita n'yo?), nang sa gayon ay — makuha nilang lahat.

9 Para itong pangangaral ng kaligtasan, kailangan nating ipangaral ang kaligtasan sa ibang paraan na ang lahat ng tao — para bang para ito sa lahat, bagama't alam nating hindi. Kita n'yo? Pumarito si Jesus upang iligtas ang mga taong nakasulat sa Aklat ng Katubusan bago pa itatag ang sanlibutan. Naparito Siya upang sila lamang ang iligtas. Kung sino ang mga iyon, hindi ko alam. Kita n'yo? Ngunit ikaw walang sinumang makakapanampalataya malibang sabihin mong para sa sinumang nais lumapit, gayon nga. Walang sinumang makakalapit malibang tawagin sila ng Diyos. Totoo iyan.

Kaya't maraming tao ang hindi maliligtas. Alam natin iyan. Sila'y…Batid ng Diyos bago pa magsimula ang sanlibutan, na hindi sila maliligtas.

10 Marami ang hindi gagaling(kita n'yo?), marami ang hindi gagaling. Sadyang hindi nila— hindi nila ito maabot. Hindi nila alam kung ano iyon. Marami ang gagaling. Ngunit ipinangangaral nating para ito sa lahat, dahil hindi natin alam kung sino ang taong iyon; sadyang hindi natin alam. Ngunit iyan ay para sa sinuman. Ngunit sadyang may taong hindi makaabot sa pananampalatayang iyan.

Ngayon, ganiyan din ang tungkol sa Token. Ang Token, matagal na nating pinag-uusapan ang Token, ngunit ito na ang oras ng manipestasyon ng Token. Kita n'yo?

11 Ngayon, kung minsan ay hinahayaan natin Itong…Kinikilala itong mga Lutheran hanggang lang sa pagtanggap ng Salita, ang pagtanggap kay Cristo bilang personal na Tagapagligtas. Ang sabi ng mga Metodista, "Kapag sapat ang saya mo upang makasigaw ka, iyon na Iyon." Ang sabi naman ng mga Pentecostal, "Magsalita ka ng iba't-ibang wika at nasa Iyo na Iyon." At napagalaman nating lahat ng ito ay pawang mali. Kita n'yo? Ang tanda ay tanda. Ikaw iyon at si Cristo bilang personang magkasama. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo, ang buhay Niya na nasa iyo na nagpapakilos ng sarili Nitong buhay sa pamamagitan mo. At ito'y para sa mayaman, sa mahirap, at sa sinumang nais tumanggap Nito.

Ngayon, alalahanin, ang Tanda ay kung ano…

12 Nagpupunta ka sa kumpanya ng tren at nagbabayad ng pamasahe mo. May presyo iyon, may bayad, sabihin na nating limampung sentimo ang bayad, kapag sumakay ka sa—sa Charlestown, Indiana, ang bayad ay limapung sentimo. Buweno, ngayon nagpapalabas ang kumpanya ng Token para diyan… Kita n'yo? Ngayon, ang gagawin mo, pupunta ka roon at may nagbayad na ng pamasahe mo, limampung sentimo. Bibigyan ka nila ng token na magbibigay sa iyo ng karapatan sa treng iyon hanggang sa destinasyon nito, saan man patungo ang treng iyon. Kita n'yo? Bibigyan ka nito…Isa iyong token.

13 Ngayon, sa kasong ito, ang dugo ang token. Litiral na dapat itong ipahid, sapagkat chemistry lang ang nasa kanila noon, sapagkat iyon ay dugo ng kordero, isang hayop, dugo ng isang kordero. Kaya't ang buhay na nasa dugong iyon, ang buhay na umalis…Kaya't nabubo ang dugo. Kita n'yo? Umalis ang dugo, ngunit hindi iyon makabalik sa mananampalataya, sapagkat isa iyong hayop. Ngunit nangungusap lamang iyon tungkol sa isang malinis na budhi na may Isang darating, isang haing sakdal. At para ito maging sakdal, ang kabuuan ng Hukom, ang Diyos ng Langit, ang naging Hain, Hukom, Hurado, at Attorney. Kita n'yo? Siya ang naging Hain, at pagkatapos, nang pumanaw na ang buhay Niya, na siyang Diyos…At ang salitang-ugat nito, "Ngayon, sa salitang Griego…(Alam kong mga iskolar ang kausap ko. Nakikita ko ang dalawa o tatlo. Kita n'yo?) At bi…At ang salitang ginamit doon sa salitang Griego ay—ay "Zoe," Z-o-e sa salitang griego na nangangahulugang, "Ang sariling Buhay ng Diyos." At bibigyan Ko Siya ng Zoe, ang Sarili Kong Buhay." Si Cristo at ang Diyos ay Iisa.

14 At ang Buhay na nakay Cristo ay Espiritu Santo, hindi ang ikatlong persona, kundi siya ring Persona sa anyo ng Espiritu Santo, na dumarating sa iyo bilang Token na ang buhay mo at ang pamasahe mo ay nabayaran na. Natanggap ka na. Hanga't hindi dumarating ang Token, hindi ka papayagang makapasok sa highway. Hindi ka papayagang makapasok sa—sa—sa ruta ng bus. Hindi ka papayagang makalarga hangga't hindi mo naipapakita ang Token na ito, at ang Token na ito ay pamasahe mo. At ngayon, ipinapakita nito na nabubo na ang Dugo at naipahid na sa iyo, ang halaga ay inukol na sa iyo, at nasa iyo na ang Token na naipahid na ang dugo sa iyo at natanggap ka na. Nakuha ba ninyo ngayon? Ay, naku. Oh.

15 Ngayon, ngayon, sadyang walang…Walang tiyak na katibayan. Kita n'yo? Sasabihin mo, "Brother Branham(Nadarama ko ito sa inyong mga isipan. Kita n'yo?), bakit ko malalaman?" Tingnan n'yo. Ano ba kayo noon? Ano ba kayo ngayon? Kaya nga alam ninyo. Kita n'yo? Ano ka ba bago maipahid ang Token na ito? Ano ka naman matapos itong maipahid? Ano ba ang pagnanasa mo noon, at ano ang pagnanasa mo pagkatapos? Diyan mo malalaman kung naipahid na ang Token o hindi pa. At ang iba pang mga bagay na ito ay sadyang lumalakip na lamang dito. Kita n'yo?

16 Hi— hindi ito…

Gaya ng, kapag pinag-uusapan ito at sinasabing, "Ang pagsasalita sa iba'tibang wika ang katibayan." Ngayon, bibili— bibili ako ng pares na sapatos; hindi ang dila ng sapatos. Bahagi lang ito ng sapatos. Kita n'yo? Ngayon, ganiyan din ang Token. Ang Token ay si Cristo. Ngunit ang pagsasalita ng iba't-ibang wika, at pagpapalayas ng Diablo, at ang paggawa ng mga bagay na iyan, pati na ang pangangaral, at anuman iyon, iyon na nga ang katibayang naroon nga Iyon, tunay nga; ngunit hi— hindi Iyon iyon. Kita n'yo? Isa itong kaloob Nito.

Kung sasabihin ko sa iyo na…Sasabihin mo, "Gusto kita, Brother Branham," at bibigyan kita ng regalo(kita n'yo?), buweno, hindi ako iyon, regalo ko iyon. Ang pagsasalita ng iba't-ibang wika ay isa lamang sa kaloob ng Espiritu Santo, at hindi ang Espiritu Santo, isang kaloob ng Espiritu Santo.

17 At kayang gayahin ng Diablo ang alin man sa mga bagay na iyon. Ngunit hindi niya kayang maging Espiritu Santo. Kita n'yo? Magagawa niyang gayahin ang mga kaloob na ito, ngunit hindi siya maaaring maging Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo ang Tanda na naipahid na ang Dugo, sapagkat sinusundan Nito ang Dugo hanggang sa huli mula pa sa Aklat ng Katubusan. Nakikita na ba ninyo? Iyon ang layunin ng kaniyang pagdating. Iyon ang sinundan Niya sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan ay sinundan Niya iyon upang tiyaking maipamalas Niya Ito. At hindi sila masasakdal nang wala tayo.

At ngayon, ang kabuuan ng Espiritu Santo ay dadalaw sa iglesia, dahilan upang ang Diyos ay mahayag sa laman tulad ng ginawa Niya sa Sodoma, ang pagkatupok na naganap doon, na isang tipo. At si Abraham, nagpakita Siya sa kaniya. At ang lahat ng bagay na Hindi Niya ginawa sa mga nagdaang kapanahunan, sa mga kapanahunan ng iglesia, ay ginagawa Niya ngayon. Nagbabalik sa Salita, sapagkat ang mga mensahe, at ang mga mensahe, at ang mga mensahe ay kailangang mauwi sa kabuuan ng Salita. At sa mga huling araw, dahil bukas na ang Pitong Tatak, kukunin Niya ang bawat buhaghag na bahaging naiwanan dito at bubuuin Niya ito na isang malaki't dakilang katawan ng Nobya, kung kaya't ang mga taong nabuhay noong mga panahong iyon ay hindi masasakdal hanggang sa ang iglesiang ito ay masakdal, ang lupon ng Nobya sa mga huling araw, upang mapabilang sila at sama-sama silang maitaas. Kita n'yo?

18 Ang Token, si Jesus Cristo, ang Espiritu Santo, ay kasama natin. Dapat natin iyang igalang. Hi— hindi sapat ang anumang pagpapakumbaba natin. Hindi makasasapat ang paghuhubad ng sapatos o pagluhod, hindi ito— hindi ito makasasapat ang paghuhubad ng sapatos o ang pagluhod, hindi ito— hindi ito makasasapat; hindi ito makasasapat sa atin, bagkus ang buhay na nagpapamalas ng bunga ng Espiritu…

Ngayon, ano ba ang bunga ng Espiritu? Kita n'yo? Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan… 25 Natatandaan ba ninyo kaninang umaga? Ang paghahanda, isinugo ang mensahero dala ang mensahe. Ang kasunod na ginawa Niya pagkatapos Niyang isugo ang mensahero dala ang mensahe, isinugo naman Niya ang Haliging Apoy bilang isang bindikasyon. Ang kasunod niyon, ay ang pampalubag-loob Kita n'yo? Alam ninyong tama iyon; napayapa kayo. Mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng Panginiong Jesus Cristo.

19 Ngayon, sa gabing ito ay mananalangin tayo sa may sakit. At sa palagay ko'y magkokomunyon sila. [Nakipag-usap si Brother Branham kay Brother

Neville-Ed] Wa— wala ba kayong Gawain para sa bautismo? Komunyon lang— Komunyon. At nais naming manatili kayo para sa Komunyon, at sa— sa loob ng tatlumpu't lima o apat na pung minuto ay sisikapin nating matapos at maghanda para sa Komunyon.

At ngayon, bukas naman ay Araw ng Paggawa, kaya't medyo makapagpapahinga kayo. Ngayon, ang sabi ko ay iyan ang ating layunin. Nakikita ba ninyo? Hindi natin alam kung ano ang…Nais kong tiyaking

tama iyan.

20 Ngayon, kaninang umaga ay sinabi ko sa inyo, dahil hindi n'yo ako kasama, wa— wari ko'y nagdaos pa kami ng isang dalawa o tatlong oras na mensahe kaninang umaga. Ngu— ngunit ka— kakaumpisa ko pa lang, at naisip kong itutuloy ko na lang iyon mamayang gabi, ngunit sadyang napakabigat nito. Hindi ko alam kung nakuha ng mga tao o hindi. Sana naman ay nakuha nila, sa lahat ng dako. Umaasa akong magaganda ang lumabas na mga kopya ng tape n ito, nang sa ganun ay maipatalastas natin sa paniwala ko, sa lahat ng mensaheng naipangaral ko, walang pasubaling ang isang iyon ay itinalaga ng Diyos, maliban sa— anupa't nariyan ang karaniwang atas, gaya ng Pitong Tatak at iba pa— iyon din naman ay tahasang Salita ng Diyos. Ang tinutukoy ko ay ang mensaheng ipinangangaral; sa paniwala ko ay iyon na nga iyon (Kita n'yo?), ang— ang— ang mensaheng kailangang sumunod sa Pitong Tatak.

21 Ngayon, masdan ninyo kung ano ang sumunod sa Pitong Tatak: ang pagkakaisa ng mga tao, ang mga tanda ng pagkakaisa, ang pagkislap ng pulang ilaw sa huling araw; ang tanda tungkol sa higit na pagganda ng kababaihan; at ang kalalakihan, kung ano ang gagawin nila; lahat ng mga tandang ito ng Espiritu Santo na siyang unang naipakita; at saka nagbalik dito sa kaganapan ng lahat ng mga mensaheng iyon mula pa sa Pitong Tatak. Naging ganap iyon sa bagay na ito: ang Token na mabuti ang kalagayan natin. Kita n'yo? Suriin lang natin ang sarili natin at tingnan natin kung nasa pananampalataya nga tayo.

22 Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon. At ngayon, bago tayo— bago tayo dumako sa Biblia…Upang makapanalangin na tayo sa maysakit…Ang tanong natin sa umagang ito, ilan ba ang naipanalangin noong nakaraang Linggo ng gabi na— na nagsigaling napagaling na sa linggong ito, at halos lahat ng taong naririto ay nagsipagtaas ng kamay. Iyon ay sa Gawain noong nakaraang Linggo ng gabi. Ngayon, isang bagay ito…Nauunawaan ninyo. Isang bagay ito na…I— toy…Sinasapo ito para sa sarili ko.

23 May isang batang lalaki, nabanggit ko pa lang, naparito siya mula sa Chicago, isang Gng.(Sino nga ba ang babaeng iyon?) [Tinanong ni Brother Branham kay Brother Neville ang pangalan ng Babae-Ed] Peckenpaugh— Gng. Peckenpaugh na taga— taga…Isa siyang napakabait na kapatid na babaeng Cristiano. At may isinama siya, I— isang bata, ayun sa naunawaan ko, isang batang lalaki o sinuman iyon, na— na hindi matukoy ng mga duktor kung ano ang sakit niya. Napakalala ng lagay ng baga niya o anuman iyon, na— na hindi nila hindi nila siya mapapasok sa paaralan o parang gano'n. Talagang malalang-malala na. At ang sabi, nangusap ang Espiritu Santo pagkatapos na pagkatapos ng mensahe, nangusap sa batang lalaking iyon, at tinawag siya, sinabi sa kaniya kung ano ang lagay niya at iba pa, at sinabing magaling na siya. At itong linggong ito ay nagpunta siya…Ang ina o ang magulang niya, o sinuman iyon, ibinalik siya sa duktor; at ayon sa duktor ay nagkaroon daw siya ng panibagong pares ng baga(Kita n'yo?), bagong pares ng baga. At ayon sa naunawaan ko, ang mga magulang, o sinuman iyon ay nag-long distance o anuman iyon upang maipaalam sa kongregasyon. Kita n'yo?

Ngayon, ang Diyos, na manlilikha, ay makalilikha ng isang pares na baga.

24 Tu—tunay akong naniniwalang malapit na malapit na tayo sa isa sa pinakamakapangyarihang mga bagay na mangyayari sa lupa mula pa sa kaarawan ng …?...Kita n'yo? Ngunit ngayon, makikilala lamang tayo habang…Magiging napakahamak nito. Kita n'yo, ang tinatawag ng taong makapangyarihan, siya namang tinatawag ng Diyos na karumal-dumal. Ngunit kung ano ang tinatawag na kamang-mangan ng tao, siya naming tinatawag na makapangyarihan ng Diyos. Kita n'yo? Ngunit ngayon ay manmanan n'yo(Kita n'yo?); magiging napakahamak nito na hindi ninyo—na hindi ninyo ito makikita kung wala sa inyo ang Token upang suriin ito. Nakikita ba ninyo? Kita n'yo?

25 Sino ba ang mag-aakala na nagluluksuhan na palang parang mga mumunting lalaking tupa ang kabundukan at nagpapalakpakan na pala ang mga dahon, nang lumabas ang isang propeta mula sa ilang, na ipinangusap ni Isaias 1,200 o 712 taon na ang nakararaan, puno ng balbas ang kaniyang mukha, at nakasuot ng kapirasong balat ng tupa, ni wala siyang pulpitong mapangaralan, itiniwalag ng lahat ng iglesia, at nakatayo sa pangpang ng Jordan at nagsisisigaw, "Magsisi!" At tinawag niya ang mga taong isang lupon ng mga ulopong, mga ahas. Ngunit iyon ang sabi ng Diyos, na pagdating niya, magluluksuhan ang kabundukan gaya ng mga mumunting lalaking tupa. Kita n'yo? Nakita iyon ng magpakumbaba at nagalak sila. Paano nga ba nilang mauunawaan na— ang na ang dakilang Mesiyas, na naihula mula pa sa pasimula ng aklat, sa Genesis, na darating Siya, isang Tagapagligtas…Lahat ng mga sakripisyo, at lahat ng mga propeta, at lahat ng bagay ay naturo sa Kaniya.

At pagkatapos nang dumating Siya, umano ay hindi lehitimo ang kapanganakan Niya…Ang ama ay hindi umano kasal sa ina…Kita n'yo? At nabuntis na ang babae bago pa man sila ikasal sa ina…Kita n'yo? At buntis na ang babae bago pa man sila ikasal. At dumating Siya sa paraang…At isinilang Siya sa isang… Buweno, ang sabi sa Biblia ay isang sabsaban. Ngunit ang sabsaban nung mga panahong iyon ay isang kuweba sa— sa isang pader. May nakita akong ganoong lugar sa Arizona minsan habang nangangaso ako. May isang sabsaban doon sa silong ng bunton ng mga batuhan. At gayon isinilang si Jesus, doon sa abang sabsaban sa batuhan, sa isang sabsabang puno ng dayami at damo sa isang kulungan ng

baka(Kita n'yo?) kung saan naroon ang mga hayop.

26 At pinalaki Siyang isang katulong ng anluawagi; at paanong mangyayari na Siya ang makapangyarihang Jehovah. Ngunit Siya nga (Kita n'yo); Siya nga. Kita n'yo? Kakaibang uri Siya ng tao, ngunit oh, nang bata pa Siya, namangha sa Kaniya ang mga saserdote dahil sa kaalaman Niya sa Salita, sapagkat..Bakit? Siya ang Salita. Kita n'yo? Siya ang Salita.

Hindi Siya sumulat ng aklat. Hindi siya sumulat ng anuman— hindi siya sumulat ng isa mang salita. Ang tanging Salitang isinulat Niya, wari ko ay binura pa Niya, sa— sa buhanginan, nang mahuli ang babae sa akto ng pakikiapid. Hindi Siya sumulat ng isa mang Salita. Bakit? Siya ang Salita. Kita n'yo? Siya ang salita. Hindi na Niya kailangang isulat Iyon; ipinamalas Iyon ng Kaniyang buhay. Siya ang Salita. Kung Siya…"Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan." Kit n'yo? "Kung hindi ko ginagawa kung ano ang nakasaad sa Salita na gagawin Ko, kung gayon ay hindi ako ang Salita." Ngunit kung…Iyon ang ibig Niyang sabihin. Siya ang Salita.

27 Kaya ngayon, ihanda na ninyo ang inyong mga sarili sa gaganaping gawaing pagpapagaling at sa Komunyon. Ikagagalak naming manatili kayo sa piling naming kung magagawa ninyo. Kung hindi naman, magpapauwi na kaagad tayo.

At huwag kalimutan, ipanalangin n'yo ako at ang aking maybahay, ang pinakamalambing na babae sa boong mundo, gayundin sa aking mga anak.At ngayon, Tinataas ko sila, tayong lahat, para sa Panginoong Jesus.

28 Ngayon, si Becky ay nasa gulang ng isang munting "Ricketta," alam n'yo, isang munting "teeannie," gaya ng bansag natin dito. At, naroon siya sa gulang na iyon. Ngunit isa siyang kagiliw-giliw na bata; p— pinasasalamatan ko ang Panginoon dahil diyan: hindi naninigarilyo, hindi umiinom ng alak, hindi naglalakwatsa, walang kahit ano. Ngunit naroon siya sa gulang na iyon…Masayahin siya. Ayaw niyang magsimba, at kung magsimba man siya, sa likuran siya nauupo at panay ang nguya ng chewing gum, bago tatayo at lalabas. Iyan ay…Kita n'yo? Nais ko siyang makitang puspos ng Espiritu Santo.

Nais kong Makita si Joseph. Nais kong ang batang iyan…naniniwala ako na balang araw kapag hindi ko na magawang lumakad patungo sa pulpito, nais kong kunin ang luma at gastado na Bibliang ito at ibigay ito sa kaniya at sasabihin ko, "Joseph, manatili ka Riyan, anak." Kung magkagayon ay handa na akong pumanhik. Nais kong makarinig ng ihip ng hangin, tumingala, ikaw ay ang aking kamay, saka umangat sa lupa.

Manalangin tayo.

29 Amang Diyos, ang buong buhay naming ay nababalot Niyan, sapagkat Ikaw iyon at Ikaw ang aming Buhay. Ngayon, mayroong iba rito, Panginoon, na— na nakahawak sa Token na ito na ipinangusap ko. Nasa kanila na ang Token, gayon ma'y may karamdaman sila. At nais kong mangusap sa gabing ito tungkol sa pagbibigay sa kanila ng lakas ng loob u— upang palakasin ang loob nila na kunin ang mga karapatan nilang bigay ng Diyos. Mayroon silang karapatan upang gapiin nila ang Diablo. Talunan na siya at sinisindak na lamang niya sila. Inaangkin ko sila, Ama.

Ngayon, tulungan mo ako na ipangusap ang Salita. Mangusap Ka sa, pamamagitan ko, Panginoon, sa pamamagitan ng ilang mga talang ito na isinulat ko at ng mga Kasulatang isinulat ko. Dalangin ko na tulungan Mo ako, Panginoon, at nang magawa kong pumasok sa Salita at mabigyan sila ng pananampalataya para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa ngalan ni Jesus, ito ang dalangin ko. Amen.

30 Ngayon, magmadali tayo, nais kong buklatin ninyo sa Biblia ang aklat ni Jeremias sa kabanatang 29. Kung nais ninyong magbasa, o kung hindi naman ay isulat na lang ninyo: Jeremias kabanatang 29, sisimulan natin sa talatang 10 ng Jeremias, talatang 10 ng kabanatang 29. Babasa rin tayo sa ika-16 na kabanata ng Lucas, simula sa talatang 14.

31 Ngayon, ibibigay ko sa inyo ang teksto habang bu— bu— bumubuklat kayo. Ang teksto ko ngayong gabi ay "Desperasyon." At aking… Desperasyon. At ngayon…Alam ba ninyo kung ano ang desperasyon? At ngayon ay babasa tayo sa kabanatang 29 ng Jeremias, sa talatang 10: Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, pagkatapos maganap ang pitong pung taon sa Babilonia, aking dadalawin kayo, at aking tutuparin ang aking mabuting salita sa inyo, sa pagbabalik ko sa inyo sa dakong ito. Sapagkat nalalaman ko ang pag-iisip na aking iniisip sa inyo…(hindi ba't ang tamis niya?)…sabi ng Panginoon. Bagaman mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pag-asa sa inyong huling wakas.

At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo.

At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.

At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat…ng mga bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sinabi ng Panginoon; at…aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalhang bihag sa inyo. (Pabalik sa Pentecostes…ako ang naglagay niyan; hindi nakasulat iyan. Iyan ang nais kong ipakahulugan sa iglesia.) Lucas 16, mula sa talatang 15— o sa talatang 16: Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang ebanghelyo ng kaharian ng Dios ay ipinapangaral at ang bawat tao ay pumapasok doon na nagpipilit— bawa't tao ay pumapasok doon na nagpipilit. (Hindi lang basta pumapasok doon nang napakadali, kundi kailangang magpumilit. Kita n'yo?)

"Ngayon, kapag hinanap ninyo Ako nang taos sa inyong puso, masusumpungan ninyo Ako."

32 At ipinangako Niyang magbabalik Siya at dadalhin Niya ang mga tao, mula sa pagpapangalat nila sa buong lupa makaraan ang pitong iyon, pabalik sa Jerusalem kung saan sila nagmula; at gayon nga ang ginawa Niya. Tama.

33 Ngayon, pag-uusapan natin ang—ang Desperasyon sa loob ng ilang sandali. Karaniwang ang isang dagliang pangangailangan ang nagbubunsod sa atin upang maging desperado tayo. Kita n'yo? Nakalulungkot na kailangan pang mangyari iyon. Ngunit sadyang napakakupad ng pag-iisip ng mga tao, kaya kailangan pang may mangyaring emergency. May mangyayari, at kung magkagayon, saka— saka pa lang sila magiging desperado. At ang totoo, dahil dito, sa pagiging desperado mo, lumalabas ang tunay na pagkatao mo. Nakikita kung ano ang nasa kalooban mo sa oras ng desperasyon. Karaniwang pinalalabas nito ang lahat ng mabubuting bagay sa inyo.

34 Sa oras ng kamatayan, may mga kilala akong mga tao na kapag alam na nilang malapit na silang mamatay, at may mga bagay silang iningatang lihim sa tanang buhay nila, sila'y [Nagbuntong hininga si Brother Branham na para bang desperado siya-Ed]…Sa oras ng desperasyon ay sinisikap nilang ikumpisal iyon. Kita n'yo? At nagsisikap sila, "Kunin mo ito…at ayusin mo ito. Humayo ka!...Pakiusap. Humayo ka… Gawin mo!" Kita n'yo? Dahil sa desperasyon. Noon pa dapat nila iyon ginawa(Kita n'yo?), at hindi na dapat sila naghintay ng oras ng emergency. "Maaari mo bang gawin ang ganito-at

ganoon para sa akin?" Ang emergency ang nagiging dahilan ng desperasyon samantalang dapat sana'y ginagawa natin ito nang walang emergency.

35 Ngayon, mapapansin natin ngayong gabi na kinukuha natin ang mga simbolo ng Pascua. At ang Pascua ay isang emergency sa mga panahon ng desperasyon. Mapapansin ninyo sa— sa kabanatang 12 ng Exodo at talatang 11 ng kabanatang 12, wari ko, ang sabi, "Kanin n'yo ang Pascuang ito nang nakasuot ang inyong mga pangyapak, nakabigkis ang inyong baywang at hawak ninyo ang tungkod sa inyong kamay." Kita n'yo, kinakain ninyo iyan nang may desperasyon.

36 Nakita na nila ang dakilang kamay ng Diyos. Nakita na nila ang lahat ng Kaniyang himala, pagkatapos ay dumating sila sa silong ng tanda ng token. At habang nasa silong sila ng tanda ng token, nangomunyon sila nang— nang may desperasyon, sapagkat alam nila na sa pagkakataong iyon ay malapit nang maghukom ang Diyos.

At isa iyong panahon ng pagliliglig. Isa iyong panahon kung kailan ang lahat ng tao ay sinisiyasat ng sarili, sapagkat kahit minsan ay hindi nabigo ang Salita ng propeta. Napatunayang totoo iyon. Anumang sabihin niya ay naganap kung paano niyang sinabi. Naroroon pa rin ang Haliging Apoy. At bukod doon, ipinahayag ng propeta na lalampas lang ang Diyos kung makikita Niya ang Token sa pintuan. At isa iyong desperasyon.

37 Para kong nakikita ang mga bata— nang Makita nila nag malaki, maitim na pakpak na iyon na bumaba mula sa langit na gaya ng usok na nakalutang sa itaas ng lungsod, naririnig ang sigawan sa bawat bahay, marahil ay nagsilapit ang mga bata sa kanilang mga ama at nagsabi, "Itay, tiyak mo bang nakasilong tayo sa Token?" At lalapit siya sa pintuan niya ang haligi at ang kahoy sa ibabaw nito ay magsasabi, "Anak, ayon iyan sa Kaniyang Salita." "Alalahanin mo, ako ang panganay mong anak. Daddy, positibo ka ba?" 51 Positibo ako. Ayon iyan sa sinabi ng propeta, at nasa kaniya ang Salita ng Panginoon. Ang sabi, ' Kung makikita ko ang dugo, lalampasan Ko kayo. Kumuha kayo ng isang kordero para sa buong sambahayan.' Ipinasok Ko kayo. Ipinasok ko kayong lahat mga anak. Ikaw ang pinakamatanda, ngunit ang aking panganay; iyon ang nangamamatay doon sa labas. Ngunit hayan ang dugo. Iyan ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya't magpahinga ka, anak ko, buong hinahon kang magpahinga sapagkat ang Diyos ang nangako."Kita n'yo? "Buweno, Daddy, bakit ka nakasapatos? Bakit hawak mo ang tungkod mo? Bakit may hawak na tinapay ang isang kamay mo at sa kabila naman ay karne ng kordero? Bakit may nakalahok pang mga dahong mapait at iba pang bagay? Bakit kinakain iyan? Bakit pinagpapawisan ang mukha mo?" "Anak, nakaamba ang kamatayan." Kita n'yo, oras iyon ng desperasyon.

38 Ngayon, naniniwala akong nabubuhay tayo sa mga kaarawan kung kailan tayo'y…O sa ibang salita, ang mga kaarawan nating ito ay dapat lubusang magbunsod sa iglesia sa desperasyon. Naniniwala ako,

na dahil sa mensahe kaninang umaga na nagmula sa Diyos, hindi ako iyon, naniniwala ako na dapat sana ay ibunsod nito ang buong kongregasyong ito sa desperasyon, na matagal na tayong naglalaro. Matagal na tayong nagsisimba. Dapat ay mayroon tayong gawin. Paanong nagyayari na nakakikita tayo ng ibang mga dakilang tanda at kababalaghang nangyayari sa iba, at paano naman tayo? Dapat itong maglagay sa atin sa isang desperasyon, na determinado tayo sa harap ng Diyos…Ang mga tanda ng Kaniyang pagdating ay dapat nagbubunsod sa buong kongregasyong ito, dahil nabasa na natin ito sa Salita…At sinabi na sa atin ng Espiritu Santo, "Pumaroon ka sa isang lugar; ganito-at-ganoon ang mangyayari," hindi kung ano na ang nangyari, kundi kung ano ang mangyayari pa lamang. Pag nagpunta tayo roon; gayon nga ang mangyayari.

Nakalathala iyon sa mga pahayagan. Nakalathala iyon sa mga magasin, pinakikita pa nga ang litrato nito. Pagbalik natin dito ay nakita natin ang mga dakilang hiwagang iyon na nakatago sa Biblia, nabuksan ito sa atin sa isang bagong larangang dati nating hindi alam, at buong kasakdalanang tumutugma ito sa pagdating ng Panginoong Jesus.

39 At sa pagtatapos ng mga mensahe, nakita natin ang pagkilos ng Espiritu Santo; nakita nating bumaba Siyang nakikita ng mga tao, mayroon pa ngang mga nakunang litrato Nito; Hindi lang iyon isang mangangaral; hindi iyon kung anong kongregasyon; ang Espiritu Santo Iyon na nagpapakita ng katulad ng mga bagay na ginawa Niya noong nasa katawan pa ito ni Jesus Cristo. Ngayon, nakapaloob Ito sa katawang ng Kaniyang Nobya. Dapat sana'y ibunsod tayo nito sa isang desperasyon.

40 Nakita ng mga taong iyon ang kamay ng Diyos. At noong gabing iyon ng Komunyon, idinaos nila iyon nang may— nang desperado sila, sapagkat batid nilang may napipintong maganap. At alam nating may napipintong maganap. At alalahanin ninyo, ang pagdating ng Panginoon ay magiging isang biglaan, lihim na pag-alis. Darating Siya at kukunin Niya Siyang gaya ng magnanakaw sa gabi. At isipin na lamang na kung may taong…Bigla na lamang mawawalang miyembro ng pamilya natin, at naiwan ka, dapat ay maging desperado tayo, upang sa biyaya ng Diyos, ay hindi tayo maiwan. Kung anumang bagay na hindi ko gustong…Hu— huwag Mo akong iiwan Panginoon.

Ilang araw pa lang ang nakalilipas ay narinig kong inaawit ni Mel Johnson an ganiting iyon: Alalahanin Mo ako, tuwing ako'y luhaan(Siyanga!) Alalahanin Mo ako, kung wala nang kaibigan. Pagtawid ko sa ilog Jordan, Kung magtatawag ka na, alalahanin Mo ako.

41 At sa Aklat ng Buhay ng Kordero, nais kong masulat ang pangalan ko. Nais kong alalahanin Niya ako pag nagtawag na ng pangalan. At ibinubunsod ako nito sa desperasyon, iyon ay, gaya ng sabi ni Pablo, "matapos kong ipangaral ang Ebanghelyo, ako rin ba'y pa— palalayasin —ako ba'y matatakwil?" Maaring mangyari ito. Kaya't nagiging dahilan ito upang maging desperado ako, ang desperasyon, isipin na lang na matapos ang lahat ng mga taon ng pangangaral, magawa ko kaya— kaya ko kaya—dumating kaya ako sa punto na mabibigo ko Siya? Ano ang kasunod na hakbang? Ano ang dapat kong gawin pagkatapos? At dahil dito ay nininerbiyos ako 'pagkat ano ang magagawa ko? Itinutulak ako nito sa mga kabundukan at mga lambak. At napakahirap dahil sa pakikisalamuha ko sa mga tao, kailangan kong makisama sa lahat ng tao upang makaakay ako ng ilan kay Cristo, gayon man ay laging nasa harapan ko ang Token na iyan. Kita n'yo?

42 At may mga nakikita akong mga bagay na mangyayari, at hindi ko nagawang sabihin sa mga tao. Iba't-ibang bagay ang nakikita mo, at pinagbabawalan ka. Ang mga pangitaing iyon ang inaasahan nila, at kung minsan ay ikinalulungkot nila kung sasabihin mo sa kanila…At alam mong mas nakabubuting huwag mo na lang sabihin. Bukod pa roon, nagiging napakalimit ng mga pangitain hanggang s lahat na lang nagiging isang pangitain, at dahil dito nininerbiyos ka. Ti— titingin ka at sasabihin mo, "Ngayon, ako ba'y nasa pangitain?"Gaya ng nakaupo ako rito ngayon, "Isa ba itong pangitain? Saan nga ba talaga ako nakatayo? Kita n'yo? Na— nasosobrahan ka sa paggawa; sobra na ang pagod mo. At nakakatuklas ka ng mga bagay-bagay tungkol sa mga tao na hindi mo nais malaman. Ang taong nagnanasa ng mga bagay na ito, hindi nila nalalaman kung anong katumbas ng ganitong uri ng lingkuran. Hindi ninyo alam kung ano ang kalakip nito. At nagiging dahilan ito ng desperasyon, "Panginoong Diyos, alam kong kakailanganin kong managot."

43 Sinabi sa akin ni Jack Moore minsan, "Hindi ko gugustuhing managot gaya ng gagawin mong pananagot sa araw ng kahatulan." Ang sabi, "Inilagay ng Diyos ang mga taong ito sa iyong mga kamay, at mananagot ka para sa bawat isa sa kanila. Pananagutan mo ang iyong lingkuran." Labinglimang taon na ang nakalilipas magmula noon, o marahil ay labing walo na; at magmula pa noon, naging desperado na ako. Ano'ng gagawin ko? Hayaan Mong sabihin ko kung ano lang ang sinabi Mo, Panginoon. Hayaan Mong salitain ko sa kanila ang katotohanan o kaya'y huwag na lang akong magsalita. Ibubunsod ako Nito sa desperasyon.

44 At dahil nakikita natin ang mga tandang ito na nagsisidating: Nakikita nating inilalabas tayo roon ng Espiritu Santo, at dinala Niya ang mga Tatak na ito, inilatag Niya ang mga ito nang gayon; pagkatapos ay nanaog Siya sa anyo ng isang napakalaking Haliging Apoy doon at—hinayag ang sarili Niya;

pagkatapos ay dumating Siya sa kasunod , sa Pitong Tatak, at hinayag ito, napalathala pa nga sa mga pahayagan, sa mga magasin; pagkatapos ay dumating at kinuha naman ang mga anghel ng Diyos, ang pitong anghel na may pitong Mensahe, at pinagtibay kung ano ang nakasaad sa Biblia; at sa pagkakataong iyon,dumating at ipinasok naman ang mga Tatak na iyon— ang mga tandang iyon, ang mga pagkislap ng huling panahon, at inilabas ito sa mga tao at sinabi sa kanila kung ano iyon, at ang lahat ng tungkol dito, at naroo't gumagawa ang Panginoon, ipinakikitang naroroon Siya; at pagkatapos, gaya nang nangyari kaninang umaga, pumarito Siya at hinihingi Niya ang Token na iyon sa bawat tao. Kung magkagayon ay kayo ang bayan ko. Kayo ang iniibig ko, ang mga ito at ang mga nakikinig sa mga tape at iba pa. Kung gayon ay makikita ninyo kung gaano katinding desperasyon ang nangyayari sa akin gawa ng mga bagay na ito.

45 Desperasyon, ang mga tanda ng Kaniyang pagdating ay dapat magsunod sa bawat kababahagi ni Cristo ni Cristo sa isang desperasyon ngayon, tungkol sa ating mga kaluluwa, tungkol, tungkol sa—sa ating kapakanan para sa kabilang buhay. Buweno, ano nga ba ang pakinabang natin mapasaatin man ang buong mundo? Ano ba—ano ba ang dahilan n gating pamumuhay? Ano ba ang dahilan ng iyong pagpapagal? Bakit ka ba kumakain? Bakit ka ba nakikipagbaka? Upang mabuhay. Bakit ka ba nabubuhay? Upang mamatay. At hindi ka karapat-dapat mabuhay hangga't hindi Ka nagiging karapat-dapat mamatay. Totoo iyan.

At nakakakita tayo ng napakaraming himala ng pgpapagaling, dapat ay ibunsod tayo nito sa deperasyon.

46 kung ang batang lalaking iyon…Na-…Si Gng. Peckenpaugh ba itong tiningnan ko? Si Gng. Peckenpaugh nga ba ito? Ikaw ba ang nagdala sa batang lalaki rito, o anuman iyon? Aba, eh, naririto pala't nakaupo rito ang babaeng ikinukuwento ko. Nagkataon namang napatingin ako at nakita ko siya. 64 Ngayon, kung kayang gawin iyon ng Diyos para sa batang lalaking iyon, dapat ay maibunsod kayo nito sa isang desperasyon.

47 I-isang lalaking taga-New Albany, maaring naririto siya ngayong gabi. Kaibigan siya ni Brother Robertson na may hawak na batang lalaki rito. Wari ko'y dating may canser ang asawa niya at gumaling siya. At —at ngayon, may hika ang mga batang lalaki at napakalala niyon hanggang sa talagang masama na ang lagay niya. Ang maliit na bata, halos ay canser na rin ang nasa lalamunan niya…kita n'yo? At pagkatapos ay dinala niya ang batang lalaking iyon(siyanga, nakikita kong nakataas ang kamay niya diyan sa likuran, diyan sa gawing likuran.), ipinanalangin siya kaninang umaga. Nakikita ba ninyo? Desperasyon…

Nang malapit nang mamatay ang asawa niya sa canser, alam niyang kaya siyang pagalingin ng Diyos. Kung kayang pagalingin ng Diyos ang asawang babae, kaya rin ng Diyos pagalingin ang bata. Ibinunsod ito nito sa isang desperadong kalagayan. Kita n'yo? Kailangan ninyong dumulog, at kung desperado kayo, pakikinggan kayo ng Diyos. Ngunit kung tatamad-tamad kayo, hindi mahalaga sa inyo kung gagawin Niya ito o hindi, buweno kung ganiyan, iba yan. Sinasabi mong mahalaga iyon sa iyo, ngunit kakailanganin ang desperasyon para mangyari iyon.

48 Sa paniwala ko, ang dahilan kung bakit wala tayong deperasyon ay ang kakulangan ng pag-ibig, ang pag-ibig ng Diyos. Sa palagay ko ang pag-ibig ng Diyos ang dahilan ng desperasyon. Kung nasa iyo ang Diyos, ang Token ay nasa kalooban mo, at nakikita mo ang kalagayan ng panahon at lubog na sa kasalanan ang mga tao dahil sa mga gawi nila, ibubunsod ka nito sa desperasyon. Naniniwala akong gayon nga.

49 Ngayon, malinaw na nakasaad sa Salita(kung gusto ninyo isulat ninyo) sa Galacia 5 at 6 na ang pananampalataya ay gumagawa sa pamamagitan ng pagibig. Kita n'yo? Ang pananampalataya ay gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig. At ang tanging paraan upang magkaroon ka ng pananampalataya ay magkaroon ka muna ng pag-ibig. Dahil, ang totoo, ginaganyak ng pag-ibig ang pananampalataya. Ginaganyak, iyan nga ang pananampalataya, ginaganyak ito ng pag-ibig. Ngayon, ikaw— kung wala kang pag-ibig, hindi ka maaring magkaroon ng pananampalataya. Kita n'yo?

50 Paano kang magkakaroon ng sampalataya sa asawa mo kung hindi mo siya mahal? Iyan ay Phileo. Ngayon, paano naman ang Agapao sa Diyos? Paanong mangyayari iyon kung wala kang pag-ibig? Kung sinasabi mong mahal mo ang asawa mo pero hindi mo naman sinasabi sa kaniya, hindi mo siya hinahalikan, niyayakap, at hindi mo sinasabing siya ang pinakamagaling na kusinera sa buong bansa, sampu ng lahat ng bagay na nalalaman mo, at kung gaano siya kaganda, at kung gaano mo siya kamahal; kung hindi mo gagawin iyan, hinding-hindi niya malalaman. Ganiyan nga. Kung mahal mo siya, ipahayag mo.

Ganiyan ang ginagawa natin sa Diyos. Kung mahal natin Siya, sinasabi natin iyon sa Kaniya. Nauupo tayo at ipinahahayag natin sa kaniya ang paghanga natin sa Kaniya, at sinasamba natin Siya, at…Kita n'yo, pag-ibig ang nagtulak sa atin doon.

51 Ngayon, ano kaya't may kailangan gawin para sa asawa mo. Aba ilalagay na nito sa desperasyon upang maisagawa ito. Ano kaya't may nagsabi na may canser ang asawa mo? Ano kaya't may nagsabi na — na may T.B. ang asawa mo; malapit na siyang mamatay? Gayon man, ga— gagawin mo ang lahat. Kita n'yo, itutulak ka nito sa Desperasyon.

Ganiyan din ito. Kailangan nating magkaroon ng pag-ibig bago tayo magkaroon ng pananampalataya, at ang pananampalataya…Kung mayroon tayong tunay na pag-ibig, ano ang gagawin nito? Pinalabas nito ang pananampalataya natin doon sa labanan para sa Diyos. Palalabasin doon ang pananampalataya ng tunay na makalangit na pag-ibig sa Diyos at sa kaniyang bayan. Hinahawakan ng pag-ibig ang pananampalataya at—at sadyang…"Halina; humayo na tayo." At kaagad itong kaagad itong lalabas, pagkat iyan ang ginagawa ng pag-ibig.

52 Sa Juan 14;23, sinabi ni Jesus, "Kung iniibig ako ng tao, tutuparin niya ang Aking mga Salita." Ngayon, hindi mo maaaring tuparin ang Kaniyang Salita nang wala kang sampalataya sa sinabi Niya. Kaya't makikita n'yo na kung iniibig niya ang Diyos, tutuparin niya ang Salita ng Diyos. Kung sasabihin Niya, "Ako ang Panginoong nagpapagaling sa iyo, " Sasampalatayanan niya iyon. Pag-ibig ang dahilan upang sampalatayanan niya iyon, sapagkat nangingibabaw ang pag-ibig sa lahat. " Kahit magsalita ako ng wika ng mga tao at ng mga anghel at wala naman akong pag-ibig , wala itong kabuluhan." Kita n'yo? "Kahit may pananampalataya ako upang magpakilos ng mga bundok at wala naman akong pag-ibig, wala itong kabuluhan." Nangingibabaw ang pag-ibig. Ngayon. Opo Kung sinabi ni Jesus, "Kung iniibig Ako ng isang tao, tutuparin niya ang Aking mga utos…"

53 Alam nating totoo na kinatagpo ng Diyos ang isang kaluluwang desperado. Ngayon, alam nating lahat iyan. Ngunit karaniwang kailangan pang may

mangyari upang mabunsod tayo sa— sa gayong uri ng kawalan ng pag-asa, sa desperasyon. Kailangan pang maganap ang isang bagay para mangyari iyon.

54 Makikita natin sa Santiago 5:15 n a sinabi ng Biblia na ang marubdob at maningas(desperasyon iyan) —marubdob, maningas na panalangin ng taong matuwid ay may malaki ang magagawa. Kapag ang isang taong matuwid, isang mabuting tao, ay labis na nananaghoy, o naglalakbay ang kaluluwa, o nananaghoy, alin man sa dalawa…(sa palagay ko ay mas tama ang salitang paglalakbay. Pananaghoy o paglalagbay, alin an ang nais ninyong itawag dito.) Ngunit kung ang— ang kaluluwa ay masadlak sa sa desperasyon gawa ng panaghoy, ang marubdob at maningas na panalangin ng taong makapagpapakita ng Token, ay may nagagawa. Kita n'yo?

55 Pansinin n'yo na sinasabi rin ng Biblia rito sa Santiago 5:16, ang sabi "Kung…Ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan sa isa't-isa" (aayusin ninyo ito, paghahandaan ninyo ito)…ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan sa isa't-isa." Walang anumang pagkakasala…hilingin ninyo na ipanalangin nila kayo, ipahayag natin ang mga kasalanan natin sa isa't-isa at magdalanginan tayo sa isa't-isa…Hayan. Nang may pag-ibig—pag-ibig na ako'y nagtitiwala, magagawa kong ihayag sa iyo ang pagkakamali ko. Magagawa mong ihayag sa akin ang pagkakamali mo; sapat ang taglay kong pag-ibig sa iyo na magagawa kitang idalangin at magagawa mo rin akong idalangin; at kaya nating manatili sa marubdob at maningas na panalangin hanggang sa mabigyan ito ng katugunan. Iyan—iyan ang desperasyon. Iyan ang dapat ang laging nangyayari sa atin.

56 Kumuha tayo ng ilang mga Iskriptural na Halimbawa niyan, kung ano ang nangyari, sa loob ng susunod na labinglimang minuto, kung loloobin ng Panginoon.

Si Jacob, isa siyang lalaki. Nung una ay para siyang isang binatang walang pakialam. Napag-isip-isip niya na alam niyang napakahalaga ng pagkapanganay para sa kaniya, at hindi mahalaga sa kaniya kung paano man niya iyong makukuha, ang mahalaga ay makuha niya iyon. At nang makuha na niya, inakala niyang maayos na ang lahat dahil nakuha na niya ang pagkapanganay. Inakala niyang naayos na ang bagay na iyon. Nilapitan niya ang kapatid niya nang magutom ito, galing siya sa bukid at nagtrabaho siya sa hayupan at nangaso siya ng usa. At ang kapatid niya, ka—kailangan niyang kumain ng isang puswelong gulay, mga buto ng ligaw na sitaw at— at sinahugan ng iba pang mga bagay. Marahil ay talagang nakakatukso iyon kung gutom na ang tao pagkatapos ng maghapong paglalakad. At ang sabi ng kapatid niya, "Hihimatayin na ako. Bigyan mo naman ako nito." Ang sabi niya, "buweno, basta ba susumpa ka sa akin na mapapasaakin ang pagkapanganay, eh." Kita n'yo? Hindi mahalaga sa kaniya kung paano niya iyon isasagawa, basta ang mahalaga ay makuha niya iyon. At ang akala niya, kung makukuha niya ang pagkapanganay ay ayos na.

57 Mga Pentecostal, diyan kayo nabigo. Inakala ninyo na dahil isinilang na kayo sa Espiritu, isinilang na kayo ng Espiritu ng Diyos, ang pagkapanganay, ay ayos na. Ngunit iyon lang ang pasimula. Naalala ba ninyo sa mensaheng, "Pakinggan ninyo Siya", kung paanong ang isang bata, nang isilang siya sa pamilya, ay nagiging isang anak na lalaki. Mayroon siyang karapatan sa pagkapanganay, ngunit kailangan pa siyang subukin, sanayin sa kaniyang pagkabata. At kung sakaling lumabas siyang hindi masunuring anak sa kalooban ng ama, kung gayon ay kailangang.... Buweno, hindi niya makukuha ang…hindi siya

magiging…magiging tagapagmana. Wala siyang mamanahin, kahit pa nga anak siya. Ngunit hindi siya nagmamana ng anuman, kung hindi siya interesado sa Gawain ng ama.

Kaya't nang ang Espiritu Santo ay bumuhos sa mga Pentecostal at sila'y —sinimulan nilang ipanumbalik ang mga kaloob at ang mga bagay-bagay na dating nasa iglesia, ang akala nila, dahil isinilang na sila sa Espiritu, ayos na iyon. Ngunit nakikita ba ninyo, may pagpupuwesto ng anak na lalaki. At matapos mapatunayan ng anak na ito na isa nga siyang tunay na anak na lalaki, dadalhin siya sa isang pampublikong lugar, at aayusan siya, at bibihisan ng balabal, at pauupuin siya roon, at doon magaganap ang pagpupuwesto ng anak na tagapagmana na nga siya ng lahat ng ari-arian ng ama.

58 Ganito rin ang ginawa ng Diyos sa Anak Niya sa Bundok ng Pgbabagonganyo. Nililiman Siya— ng—ulap at nabago ang anyo Niya, at nagliwanag ang kasuotan Niya gaya ng araw, at may tinig na nangusap, "Ito ang Aking sinisintang Anak na Aking kinalulugdan. Nabigo si Moises sampu ng kautusan, at Ito Siya. Pakinggan ninyo Siya." Naipuwesto na siya. Kita n'yo?

59 Ngayon, inakala mi Jacob na dahil nasa kaniya na ang pagkapanganay na ayos na ang lahat. Ganito rin ang akala ng mga Pentecostal, at sinimulan nilang itatag ang—ang oneness, threeness, at ang mga Trinitarian, pati na ang lahat ng uri ng organisasyon, at nagtatalu-talo sila at naghahatakan, patunay na hindi nila naipapakita ang Token. Ang malisya, inggitan, awayan…Kita n'yo? Datapuwa't iyan na nga ang kinahinatnan nito.

Ngayon, kita n'yo, ganiyan din ang akala ni Jacob. Ngunit isang gabi , dahil sa pangamba niya para sa sarili niyang buhay, natigib siya ng desperasyon. Nang maisip niya na, "Doon sa kabila ng ilog, naghihintay ang kapatid ko upang patayin ako. Siya ay…"Kita n'yo, ang nakuha niyang pagkapanganay, iyon pa ang magiging dahilan ng kamatayan niya. At kungm minsan kung alin pa ang natanggap ninyo na umano'y Espiritu Santo, at iyon nga, at naipanganak kayo ng Espiritu, kung hindi kayo mag-iingat, iyan din ang hahatol sa inyo sa huli. Tama. Ang tubig na nagligtas kay Noe, ang siya ring humatol sa sanlibutan. Kung ano ang—ang tinatawag ninyong panatisismo, baka iyon pa ang humatol sa inyo sa dulo ng daan.

60 Ngayon, alam ni Jacob na malapit nang magwakas ang buhay niya. May mensaherong nagsabi sa kaniya na paparating na upang harapin siya ng kapatid niya na may kasamang apat na raang armadong tauhan, alam niyang pa— parating na siya. Sinaklot siya ng takot. Nagpauna siya sa unahan ng mga tauhan dala ang baka at iba pang hayop, at mga tupa upang mag-alay ng pamayapang handog kay Esau. At pagkatapos, pinasunod naman niya ng isa pang pangkat dala ang iba pang mga bagay, pinauna niya sila, sinisikap niyang paglubagin ang kaniyang poot. Pagkatapos ay nag-isip siya, "Hindi siya mapipigil niyon, dahil baka mas mayaman pa siya sa akin. Hindi niya kailangan iyon." At ang isinugo naman niya ay ang mga asawa niya at ang mumunti niyang mga anak, para Makita ni Esau ang mga mumunting bata at ang kaniyang asawa. At tiyak na ang mga pamangkin niya, hindi niya sila papaslangin. At hindi pa rin niya magawa. Alam ng Diyos kung paano kukunin ang isang tao. Tumawid si Jacob sa batis. Doon ay lumuhod siya. Alam n'yo, may kautusan siya noon. Ipagpaumanhin ninyo ang pananalitang ito, ngunit para siyang…Isa siyang Jacob. Ang ibig sabihin ng "Jacob" ay "isang taong tuso," at gayon nga siya. Ngunit may kailangan mangyari sa kaniya. Doon, sa oras ng desperasyon, doon nang ang kamatayan ay nakatambad sa kaniyang harapan…

61 Maaring may mga lalaki't babaeng nakaupo rito ngayong gabi at nakatambad sa inyong harapan ang kamatayan, at ang tanging paraan upang matamo ninyo ang bagay na hinahangad ninyo ay pumarito kayong may desperasyon. "Kailangan ko itong makamit ngayong gabi. Mapapasaakin ito ngayon dahil kung hindi tapos na ako. Ang bukas ay huli na; kailangan kong makuha ito ngayon." Kung mananalangin kayo sa bautismo ng Espiritu Santo, ang Token, huwag ninyong sasabihin , "Buweno, ngayon ay pupunta ako roon at susubukan ko. Panginoon, me—medyo napapagod ako." Oh habag, manatili ka lang sa upuan mo. Huwag ka na lang—huwag ka na lang magtatangka. Kung paririto ka at magsasabi, "Daraan ako sa hanay ng panalangin. Pahiran mo ako ng langis sa ulo, tingnan natin kung mayroon itong magagawang buti sa akin." Makabubuting manatili ka na lang sa kinauupuan mo hanging sa maabot mo ang kalagayang iyon. Hanggang sa maabot ng buong iglesia ang kalagayang iyon, na ito'y nasa pagitan ng buhay at kamatayan, kailangan mapasayo ito ngayon din o mapapahamak ka, doon

lamang papasok sa eksena ang Diyos. Kailangan ang desperasyon para pumasok ang Diyos sa eksena.

62 Noon lang nanangis si Jacob nang gayon. Buong desperasyon siyang nanawagan hanggang sa mahawakan niya ang Diyos; at nang magkagayon, nakipagbuno siya hindi lamang sa loob ng labinlimang minuto. Nakipagbuno siya upang maingatan niya Siya sa kaniyang kaluluwa buong magdamag, at alam niya na wala pa rin sa kaniya ang basbas; at nagawa niyang mapanghawakan hanggang sa dumating ang basbas. At nang magkagayon…At nang Makita niya…Hanggang sa dumating ang Diyos sa eksena, at sa kaniyang hinagpis, "Hindi kita bibitiwan," nang madama niyang paparating na sa kaniya ang basbas… Maraming tao ang nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos, nakuha ko na ito ngayon." Diyan ka nadaya. Siyanga.

May nagsasabi, "Oh, napakaganda ng pakiramdam ko, Brother Branham; pumaroon ako upang manalangin. O nanginig ang buong katawan ko at ako'y…" Maaaring Diyos nga iyon. "May nakita akong isang dakilang liwanag sa harapan ko." Maaring Diyos din iyon, ngunit hindi iyon ang tinutukoy ko.

63 Ang sabi ng Biblia, sa ika-anim na kabanata ng Hebreo, "Pumapatak ang ulan sa kapwa matuwid at sa hindi matuwid," pareho lang. Ngayon, kumuha kayo ng trigo at kumuha kayo ng damo at itanim ninyo ang mga iyon sa bukid. At ang totoo, ang ulan ay isinugo para sa trigo, ngunit ang ulan ay pumapatak s mga damo kung paanong pumapatak ito sa trigo. At ang ulan…At nasisiyahan ang damo sa ulan kung paanong nasisiyahan ang trigo , at iisang ulan lang iyon. Ang Espiritu Santo ay maaaring bumuhos sa isang di mananampalataya at pakilusin siya Nito nang parehong-pareho ng ikinikilos ng isang mananampalataya, ngunit sa kanilang mga bunga ay nakikilala sila. Iyan ang tinutukoy ko; iyan ang Token.

64 At si David—si Jacob pala, sa kaniyang desperasyon, ang sabi niya, "Alam ko, nararamdan kita; narito ka sa piling ko, ngunit hindi kita bibitiwan." May nakakakita nito, ang unang munting sensasyon, tatayo siya at maglululundag, at magtatatakbo sa pasilyo ng simbahan at sasabihin, "Nakuha ko na, nakuha ko na, nakuha ko na." Ay hindi, a-ha, hindi. Nananatili si Jacob doon hanggang sa may mangyari na naging dahilan upang maiba ang lakad niya, naging ibang tao siya, dahil nananatili siya hanggang sa mangyari iyon, at nagawa niyang… Ayon sa Biblia ay nanghawakan siya hanggang sa magtagumpay siya. Paanong makapananaig ang tao sa Diyos? Ngunit magagawa ninyo ito. Magagawa ninyo ito. Maaring makapanaig ang tao sa Diyos.

65 Minsan ay may isang lalaking nagngangalang Esechias, sinabihan na siya ng propeta, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, mamamatay ka na."

Humarap si Esechias sa dingding, at dahil sa kaniyang desperayon ay nanangis siya, "Panginoon, isalang-alang Mo ako. Lumakad ako sa Iyong harapan nang sakdal ang aking puso, at kailangan ko pa ng labinlimang taon." Matapos sabihin sa kaniya ng Diyos na may mangyayari; mamamatay na siya. At sa desperasyon niya ay binago ang programa ng Diyos. Desperasyon, buong pagdadalamhati siyang nanangis dahil sa desperasyon.

66 Nanatili roon si Jacob hanggang sa dumating ang basbas at nabago ang pangalan niya mula sa "isang mandaraya" at naging "isang prinsipe ng Diyos." Maging ang bansa ay tinawag sa kaniyang pangalan. Opo. Ano iyon? Nagkaresulta iyon dahil naging desperado siya tungkol sa bagay na iyon. At kinabukasan, nang makatagpo niya si Esau, hindi na siya nangailangan ng bantay. Lumakad siya roon at sinalubong niya siya. Kita n'yo? Bakit? Naging desperado siya hanggang makuha niya ang katiyakan. At maging desperado kayo hanggang makamit niyo ang katiyakan. Kung hindi, huwag na lang kayong dumulog upang maipanalangin. Ni huwag kayong lalapit sa altar. Hintayin muna ninyong mangahulugan ito ng buhay at kamatayan sa inyo, doon pa lang may nangyayari. Tiyak nga. Desperasyon.

67 Naging desperado si Ruth minsan nang nakatayo siya sa tabi ni Naomi. Babalik ba siya sa kaniyang mga kababayan, sa lahat ng kaniyang mga mahal sa buhay, at lahat ng da— dati niyang sinasamba, ang kaniyang diyos at mga kababayan, o sasama ba siya kay Naomi? Ano ang dapat niyang gawin? At naging desperado siya at sumigaw siya, "Kung saan katutungo doon ako tutungo; kung saan ka tatahan ay doon ako tatahan; kung saan ka mamamatay ay doon na rin ako mamamatay; kung saan ka ililibing doon — doon na rin ako ililibing; at ang Diyos mo ay magiging Diyos ko." Hayan: desperado. Pinagpala siya ng Diyos, pinagkalooban siya ng isang anak na lalaki, si Obed. Naging anak ni Obed si Jesse; naging anak ni Jesse…Kay Jesse nagmula si Jesus. Sapagkat ang desperasyon… 92 Tulad ng patotot na si Rajab, desperado siya. Alam niyang nag-aabang sa kaniya ang kamatayan. Nasa ilalim siya ng paghuhukom, at naging desperado siya, ang sabi niya, "Itatago ko ang inyong mga tiktik; gagawin ko ang lahat; ipanata lang ninyo sa Diyos na maiiwang nakatayo ang bahay ko." Hayan ka na. Ang sabi Niya, "Aking…kung kukunin mo ang palatandaan ito, mangyayari ito."

68 Naging desperado si Eleazar nang bigyan siya ng pananagutan upang maghanap ng Nobya para kay Isaac. Si Eleazar ng Damasco ay isang dakilang tao. Kinalugdan siya ni Abraham, at pinagtiwalaan siya niAbraham upang humayo siya at maghanap ng Nobya, isang tamang uri ng nobya, para sa kaniyang anak, na si Isaac. Mula roon ay lilitaw ang Cristo.

Ngayon, si Eleazar, dahil espirituwal na tao, batid niya kung ano ang ibig sabihin niyon. Isang taang uri ng babae ang dapat dapat mapangasawa ng lalaking iyon. At paano nga siyang mamimili? Sa oras ng desperasyon, nang dumating siya sa lungsod, nanalangin siya at ang sabi, "Panginoong Diyos…"Iyan ang mahalaga. Kapag naging desperado kayo, manalangin kayo. "Panginoong Diyos, hayaan Mong ang unang dalagang lalapit at magpapainom sa mga kamelyo at sa akin, siya nawa iyon." Nanalangin siya sa oras ng kaniyang desperasyon.

69 Si Rebekah, ang magandang dalaga, dumating siya, pinainom niya ang kamelyo. Pagkatapos ay sinabi niya, "Huwag mo akong aabalahin sa aking daan." Kailangan niyang humantong sa isang pagkakataon upang magpasiya siya kung sasama siya o hindi. Tipo siya ng Nobya.

Paroroon— paroroon ba siya upang magpakasal sa isang lalaking hindi pa niya nakikita kailan man? Ngayon, isa iyang dakilang bagay. Hindi pa niya siya nakikita, gayon man ay nabalitaan lang niya ang tungkol sa kaniya sa alipin niya. Tipo iyan ng Nobya. Hindi pa ninyo nakikita si Cristo, ngunit nababalitaan na ninyo sa pamamagitan ng mga lingkod Niya kung ano Siya. Ngayon, pansinin ninyo. At nagpasiya siya, isang tipo ng Nobya, iniwan niya ang tahanan niyang denominasyon(Kita n'yo?)para siya makaparoon.

70 Si Jonas, itinapon siya sa dagat sa oras ng bagyo, doon sa ilalim ng dagat sa tiyan ng isang balyena. Wala nang anumang pag-asa upang makaligtas. Ngunit naisip niya si Solomon nang ihandog niya ang templo, ang sabi niya, "Panginoon, saan man naroroon ang mga taong nasasadlak sa kaguluhan, kung haharap sila sa templong ito at mananalangin, pakinggan Mo sila." At nagpapagulong-gulong siya roon sa loob ng tiyan ng balyena, nagawa niyang lumuhod, para kong nakikini-kinita, punung-puno siya ng suka ng balyena. Doon ay nanalangin siya habang nasa isang desperadong kalagayan, at sa desperadong… Ilang hinga na lang ng oxygen ang natitira sa kaniya sa loob ng tiyan ng balyena, at sa ilang hiningang iyon, marahil ay hindi niya alam kung ano ang direksyon ng kinalalagyan niya, ngunit ang sabi ng Panginoon, naniniwala akong nakatingin ako ng pataas sa direksyon ng Iyong templo." At kahit kaunti na lang ang nalalabing hininga niya, buong desperasyon siyang nanalangin sa ilalim ng kalagayang iyon, hindi pa nangyari iyon kailan pa man, ngunit desperado siya. Nanalangin siya at iningatan siyang buhay ng Diyos sa loob ng tatlong araw at gabi, at dinala siya sa lugar na iyon upang maihatid niya ang mensahe niya. Desperasyon.

71 Si Ana, isang babaeng baog sa Biblia, at nais niyang magkaanak, at nagayuno siya alang-alang dito. At nag-ayuno siya at nanalangin hanggang sa pati ang mga saserdote sa templo, inakala nilang lasing siya. Gayon na lamang ang

kaniyang desperasyon…samantalang ang inaatupag ng ibang mga babae ay kung ano'ng uri ng bonnet ang suot ng iba(Alam n'yo kung anong nangyayari.), at tinitingnan naman ng isa ay kung anong klaseng bestida ang suot ng isa, at nag-uusap-usap sila tungkol sa mga bagay-bagay na nangyari sa bukid…Ngunit hindi gayon si Ana, lumakad siya sa gitna ng karamihan at nagtungo siya sa altar. Matagal na siyang nag-aayuno. Nais niyang maalis ang kaniyang kadustahan. Ibang-iba naman ngayon. Halos ituring na isang kahihiyan ang magka-anak ngayon. Noon ay— kahihiyan noon ang di magka-anak. At lumuhod siya at hindi niya pansin ang dignidad ng templo. Hindi niya pansin ang kagalanggalang na saserdote nang lumabas siya. Gayon na lamang ang kaniyang hapis hanggang sa umagos ang mga luha niya sa kaniyang pisngi, at nanangis siyang may taglay na desperasyon, "Oh, Panginoong Diyos, pagkalooban Mo ako ng isang anak na lalaki. Pagkalooban Mo ako ng isang anak na lalaki."

72 At pansinin n'yo, hindi siya makasarili. Nang pakinggan siya ng Diyos at tugunin ang kaniyang panalangin, at pagkalooban siya ng anak na lalaki, ipinagkaloob niya siya sa Diyos. At dahil hindi siya nagdamot matapos tugunin ng Diyos ng panalangin niya, pinagkalooban Niya siya ng isang propeta. Oh, dagdag pagpapala iyon.

Ay, sadyang puspos Siya ng mga ito, ang mga mumunting bagay na iyon na ipinagkaloob Niya. Hindi lamang anak, kundi propeta(At walang bukas na pangitain noon sa loob ng napakaraming taon sa Israel.), si Samuel, ang unang propeta sa loob ng napakaraming taon, dahil may isang inang naging desperado dahil hindi siya magka-anak; at lampas na siya sa gulang ng pagdadalang-tao, marahil ay animnapu o pitumpung gulang na siya. At nanalangin siyang taglay ang desperasyon. Kailangan niyang magkaanak. Ano iyon? Nangusap ang Diyos sa kaniya, walang duda. 101 Hindi ka maaaring maging desperado hangga't hindi nangungusap ang Diyos sa iyo. Oh, iglesia, magbangon ka at yugyugin mo ang sarili mo. Kurutin mo ang kunsensya mo; gisingin mo ang sarili mo sa oras na ito. Kailangang maging desperado tayo o kung hindi ay mapapahamak tayo. May darating na bagay mula sa Panginoon. Alam kong ITO ANG SABI NG PANGINOON. May mangyayari, at makabubuting maging desperado tayo. Ito'y sa pagitan ng buhay at kamatayan. Daraan ito sa atin nang hindi natin nakikita. Dahil hindi siya maramot, pinagkalooban siya ng isang propeta.

73 Ang babaeng Sunamita ay nagka-anak ng lalaki dahil sinalita ng propeta sa kaniya ang Salita ng Panginoon, bagama't matanda na siya, at matanda na rin ang asawa niya. Wala silang anak, ngunit naging mabait siya sa—sa propetang ito. At napagkilala niyang alagad siya ng Diyos. Napag-unawa niyang isa siyang taong kagalang-galang at isang tunay na lalaki. Dumarating siya sa bahay, wala roon ang asawa niya at anuman iyon. Isa siyang taong banal. Kitang-kita nila na isa siyang kagalang-galang na tao. Nakita niya kung paano siyang nakagagawa ng mga tanda at kababalaghan; narinig niya kung paano siyang nakapagsasalita ng mga bagay-bagay na naganap. Isa siyang kagalang-galang na taong makadiyos." Ang babae ng tahanang iyon, batid niyang isa siyang taong makadiyos; at nagpatayo siya roon ng isang maliit na bahay para sa kaniya, para hindi siya mahiya. Maaari siyang dumaan kailan man niya naisin at iba pa. Naglagay siya ng— ng maliit na kama roon, at ng isang—isang bangang tubig, at iba pa, upang mayroon siyang magamit na pampaligo at inumin. At marahil ay nagpapasugo siya roon ng katulong o sinuman, ang kusinero na may—may dalang pagkain upang magpakain sa kaniya, at bumisita sa kaniya, o anuman iyon.

74 Kaya't nang makita ni Elias ang ipinakikitang kabutihang iyon sa kaniya…At nasusulat, "Anumang gawin ninyo sa Aking mga mumunting anak, ay sa akin ninyo ginagawa." Kaya't nakita niyang iginagalang ng babae ang Diyos sa ginagawa niyang paggalang sa propetang ito, at nakita niya ang Diyos sa propeta. Kaya't wala siyang hinihinging kapalit. Hindi siya naghahangad ng anuman sa puso niya. Ginawa lang niya iyon dahil mahal niya ang Diyos. Hindi niya ginawa iyon dahil sa kung anong pagpapala; basta't ginawa lang niya iyon.

Ngayon. Ngayon, ang sabi ni Elias, "Humayo ka at tanungin mo siya" Kailangan ko bang mangusap para sa kaniya sa hari? Matalik niya akong kaibigan. O kaya naman ay ang punong-kapitan, ki—kilalang-kilala ko siya. Kung mayroon anumang pabor akong magagawa para sa kaniya, nais ko siyang pagbigyan dahil sa kabutihan niya sa akin. Pinakain niya ako, pinatulog niya ako sa higaan, at—at naging totoong mabuti siya sa akin. Ngayon, ano ang maaari kong gawin?"

Ang sabi niya, "Hindi, ako'y nakikipamahay lang sa piling ng aking kababayan. May— may kaya kami. May kabuhayan kami, at iyon lang. Wala kaming anumang kailangan." At sinabi sa kaniya ni Gehazi, "Ngunit wala siyang anak." Hindi man iyon nakita niGehazi, walang dudang nakakita ng pangitain ang propeta, dahil ang sabi niya, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, humayo ka at sabihin mo sa kaniya na sa takdang panahon, o sa tamang panahon, isang taon mula ngayon, mayayakap niya ang isang anak."

75 At isinilang ang batang lalaki. Nang mga labindalawang taong gulang na siya…Marahil ay mahal na mahal ng may katandaan nang mag-asawa ang batang lalaking iyon, ang bugtong na anak nila. At isang araw ay naroroon siya sa labas at kasamang gumagapas ng trigo ng kaniyang ama. Marahil ay katanghaliang tapat noon, inatake siya ng sunstroke, wari ko, dahil nagsimula siyang magsisigaw, "ang ulo ko." Lumala siya nang lumala. Kinailangang iuwi siya ng ama niya mula sa bukid, at isa iyong emergency, kaya't nagsugo siya ng alipin, pinapasok niya siya.

Kalong-kalong siya ng ina niya hanggang tanghali at namatay siya. Pansinin n'yo, ang bugtong na anak niya na ipinagkaloob sa kaniya ng Panginoon sa pamamagitan ng panalangin at pangako ng propeta at ng ITO ANG SABI NG PANGINOON…Batid niyang may mali kung saan. Sadyang hindi iyon maaring mangyari. Paanong mangyayari na pagkakalooban siya ng Diyos ng anak at hahayaan siyang—mapapaibig siya sa batang iyon…Hindi naman niya iyon hiningi. Masyado na siyang matanda para magkaanak. Kinailangang ipahayag iyon ng kamay ng Diyos. Ipinangusap iyon ng isang lalaki, ang propeta. At namatay ang bata sa kalagayang iyon, ang nag-iisa niyang anak. Kaya't ang sabi niya sa alipin, "Ipaghanda mo ako ng asno; at sumakay ka, at huwag kang titigil. Kung may magtatangkang magpatigil sa iyo. Huwag kang magsalita ni isa mang salita, at magtuluy-tuloy ka sa Bundok ng Carmel. Doon sa itaas, sa isang yungib ay may isang lingkod ng kataas-taasang Diyos, na siyang nagsabi sa akin ng ITO ANG SABI NG PANGINOON, magkakaanak ako. Nais kong malaman kung bakit ginawa ito ng Diyos." Kaya't ang sabi niya, "Magtuluy-tuloy ka at huwag mo nang suriin pa ang molang iyan; patakbuhin no siya nang mabilis hangga't makakaya niya; patakbuhin mo siya hanggang makarating ka roon." Desperasyon.

76 At tumayo si Elias na propeta, tumingin siya at nagsabi, "Heto't paparating na ang Sunamita, at may—may suliranin siya. Inilingid iyon ng Diyos sa akin; hindi ko alam kung ano iyon." Ang sabi, "Humayo ka't salubungin mo siya. Kailangan kong…Magmadali tayo. May problema." Nagkaroon ng desperasyon ang propeta, may desperasyon din ang babae. Kita n'yo, nagsasalubong sila, nais malaman ng isa kung ano ang Salita ng Panginoon, at di alam ng isa kung ano ang Salita ng Panginoon. Hayan ka na. Nais malaman ng isa at hindi alam ng isa. Nais malaman ng babae at hindi alam ng propeta. Ang sabi, "Inilingid iyon sa akin ng Diyos. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko sa kaniya pagdating niya." Kaya't halos ay naroon na siya noon. Itinaas niya ang kamay niya; ang sabi niya, "Mabuti ba ang lahat sa iyo, mabuti ba ang lahat sa asawa mo? Mabuti ba ang lahat sa bata?"

77 Ngayon, narating na ng babae ang dulo ng kaniyang desperasyon. Ang sabi niya, "Ang lahat ay mabuti.(Luwalhati.) Ang lahat ay mabuti." Tapos na ang kaniyang desperasyon. Nasumpungan na niya ang lingkod ng Diyos. Kung wala siya roon, disin sana'y nasa desperasyon pa rin siya. Ngunit nakita niyang naroroon siya. Ang sabi n iya, Lahat ay mabuti."

Sa loob-loob ni Eliseo, "Buweno, ano na ba ang nangyari?" Kaya't nagtatakbo siya at sumubsob sa paanan niya. Parang hindi yata karaniwan iyon, kaya't itinayo siya niGehazi. Ang sabi, "Hayaan mo siya, huwag mong gagawin iyan; hayaan mo lang siya. May problema. Inilingid iyon sa akin ng Diyos." At hinayag niya sa kaniya na patay na ang bata.

78 Ngayon, hindi alam ng propeta kung ano ang gagawin. Ang sabi niya, "Gehazi, kunin mo ang tungkod na ito na ginamit ko sa aking paglalakad." Alam niyang anumang hawakan niya ay pinagpala, pagkat hindi siya iyon, ang Diyos iyon na nasa kaniya. Kilala niyo kung sino siya. Alam niyang siya ang propeta. Kaya't dinampot niya ang tungkod at nagsabi, "Gehazi, dalhin mo ito, at humayo ka at idantay mo ito sa bata." At kung may makikipag-usap sa iyo, maging desperado ka. At huwag kang babati kahit kanino at huwag mong hahayaang anumang…Basta't magtuluy-tuloy ka lang; huwag kang makikipag-usap kahit kanino. Ipatong mo ito sa bata."

Ngunit ang babae, hindi natapos doon ang kaniyang desperasyon. Hindi natugon niyon ang ipinunta niya roon. Ang sabi niya, "Habang nabubuhay ang Panginoon, hin—hindi kita iiwan hangga't hindi ka humahayo upang maglingkod sa bata."

At naging desperado si Elias, at pumaroon siya sa daan, siya at ang babae. At pagdating nila roon, ang—lahat ng tao ay naroon sa bakuran at nagsisigawan at nag-iiyakan. At ginawa ng babae ang pinakanararapat gawin. Kinuha niya ang bata at inihiga ito sa hinigaan ni Elias. Singbisa iyon ng tungkod. At hindi siya nagising, kaya't hindi umubra ang bagay na iyon. Nais niyang malaman ang isang bagay na kakaiba.

79 Pumasok ang propeta. Desperado na siya. Ngayon, ano ang gagawin niya? At makikita natin sa Biblia na pabalik-balik siyang naglakad sa sahig, desperado. "Wala na akong alam na iba pang maaring gawin, Panginoon. Naririto ako. Inutusan mo akong salitain iyon sa babaeng iyon at iyon ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, at ganoon ko ngang sinabi sa kaniya, dahil sinabi Mo sa akin. Ngayon, hayun siya't may suliranin at hindi ko malaman ang gagawin ko. Hayu't nakaratay ang patay na batang lalaki. Ano'ng maaari kong gawin, Panginoon?" Walang dudang sinabi ng Espiritu Santo, "Kung nasa iyo ang Diyos, dumapa ka sa bata." Bigla siyang tumigil, tumakbo siya at ipinatong niya ang kamay niya sa kamay niya, itinapat niya ang ilong niya sa ilong niya, ang bibig niya sa bibig niya.

At nang dapaan niya ito, bumahin ang bata ng pitong beses. Tapos na ang desperasyon. Nabuhay ang bata, dahil itinulak ng desperasyon ang babae sa propeta, at itinulak ng desperasyon ang propeta sa bata. At ang desperasyon nilang dalawa ang nagdala sa Diyos sa tagpo. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos sampu ng pag-ibig sa Kaniyang bayan pinababa nito ang pag-ibig ng Diyos at inilagay nito ang pananampalataya sa harapan ng labanan, at natapos ang Gawain: sarado na ang kaso. Amen. Iyon na iyon. Ang desperasyon ang gumagawa nito. Tiyak iyon. Hindi sana siya aalis.

80 Inakala ng bulag na si Bartimeo na lalampasan siya ni Jesus, nakaupo siya roon sa pintuan, bulag, namamalimos. Bigla na lang siyang nakarinig ng ingay; Nagdaraan si Jesus. Ang sabi niya, "Sino ang dumaraan?" May tumulak sa kaniya at nabuwal siya. Ang sabi niya, "Pakiusap, sinuman, sino ang dumaraan?" Isa sa kanila, marahil ay isang butihing alagad na babae ang nagsabi sa kaniya, ang sabi, "Ginoo, hindi po ba ninyo alam kung sino ang dumaraan? "Hindi,"naririnig ko na ang sabi ng iba sa kanila, 'Punung-puno ng mga bangkay ang libingan doon. Kung talagang nakabubuhay ka ng patay, humayo ka't buhayin mo sila.' Isa sigurong mapamusong o kung sino." "Hindi, Nabalitaan mo na ba ang tungkol sa Propetang taga-Galilea, ang batang propetang kung tawagin ay Jesus na taga-Nazaret? "Hindi." "Buweno, alam mo, sa Biblia ay nakasaad sa mga balumbon na ang Anak ni David ay lilitaw upang luluklok dito. Siya na nga iyon." "Siya nga ba iyon? Siya na nga ba iyon? At nagdaraan Siya." Desperasyon ang nagbunsod sa kaniya upang sumigaw, "Oh, Jesus, Ikaw na Anak ni David, maawa Ka sa akin!" Mahabag Ka Manliligtas, Dinggin Mo ako; Kung iba'y tinatawagan, Bakit di ako?

"Oh, Jesus." Ang sabi ng iba sa kanila, "Tumahimik ka, masyado kang maingay."

81 Ngunit desperado siya. Kung lalampas Siya, maaring hindi na siya magkaroon ng isa pang pagkakaton. Gayon din naman tayo. Maaring ito na ang huling gabi. Desperasyon, nagsisigaw siya, Oh, Jesus!" Kahit sino pa ang magsabi sa kaniyang tumahimik, lalo lang siyang nag-ingay. Desperado siya. Walang makapigil sa kaniya. "Anak ni David, maawa Ka sa akin." At sumigaw siya sa kaniyang desperasyon.

82 At ang Anak ng Diyos, pasan-pasan sa Kaniyang balikat ang kasalanan ng sanlibutan, patungo Siya sa Jerusalem upang ialay siya sa oras ding iyon bilang isang handog para sa sanlibutan, bigla siyang tumigil sa kaniyang paglalakad. Desperasyon, isang desperadong panaghoy ang nagpatigil sa Anak ng Diyos. Ang sabi, "Ano ang nais mong gawin Ko para sa iyo?"Oh. Ang sabi, "Panginoon, matanggap ko nawa ang aking paningin." Ang sabi Niya, "Humayo ka; iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Sapat na iyon. Desperasyon. Kung tatanggap ng isang bagay ang desperasyon, ang pinakamahinang hipo, sinusunggaban ito ng pananampalataya. Kita n'yo? Hindi niya sinabi, "Ngayon, sandali lang, sandali lang, itigil ninyo iyan diyan sandali; titingnan ko kung nakakakita na ako. Maraming taon ko nang hindi nakikita ang aking kamay. Tingnan nga natin kung makikita ko. Wala pa akong nakikitang anuman." Nang sabihin ni Jesus, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya," sapat na iyon. Iyon lang ang nais niya.

83 Naghahanap ng — ng masasakop ang desperasyon, at kapag ang sakop na iyon, gaano man siya kahina, ay natanggap, kaagad itong sumasampalataya, sapagkat nasasapo ang pananampalataya kapag itinulak ito ng desperasyon. Kita n'yo? Humahalo roon ang pag-ibig at dinadala ito nito roon. Desperasyon ang may gawa nito. Nasapo kaagad ng bulag na si Bartimeo ang pangitain.

Si Pedro, nagugulumihanan siya isang gabi doon sa dagat nang maging desperado siya, at nagsimula siyang sumigaw, "May mali. May nakikita akong espiritung lumalakad patungo sa akin." Palubog na ang daong. Ang sabi niya, "Kung Ikaw iyan, utusan mo akong lumakad sa tubig patungo sa iyo." At bumaba siya sa daong at nagsimulang lumakad; at natakot siya nang magsimula siyang lumakad, at nagsimula siyang lumubog at ang desperasyon—bagama't isa iyong pagkakamali sa pagsisikap na makasunod sa

utos ng Diyos…Sana'y nakukuha iyan ng iglesia. Sinusunod lang ng tao ang iniutos ng Diyos sa kaniya.

84 Ngayon, kayong mga Cristiano sa gabing ito, tumutupad lang kayo ng inyong tungkulin, sinisikap ninyong sumunod sa pangunguna ng Espiritu Santo; at sasakmalin ka ng kanser, o ka—kaya'y sasakmalin ka ng kamatayan, ng kanser, ng tuberculosis, anuman iyon, samantalang kasalukuyan kang tumutupad ng tungkulin mo, mayroon ka ring karapatan gaya ni Pedro. "Panginoon, iligtas Mo ako, kundi'y mapapahamak ako."

Dahil desperado ay sumigaw siya, at may kamay na umabot at bumuhat sa kaniya…?...Mayroon ka rin niyan. Ngunit sumigaw siya, "Iligtas Mo ako, Panginoon." Patangis ko'y napansin, Sinagip sa panganib, at niligtas. (Kita n'yo?) Iyon na nga, kung sisigaw ka.

85 Marahil ang babaeng ito, ang ina, anuman iyon sa kaniyang munting anak na lalaki o apo, o pamangkin, anuman iyon, sumigaw siya sa masidhing lumbay; nakinig ang Diyos. 124 Ang makikita natin na sa panahon ng paglubog, dininig siya ng Diyos. Habang tumutupad siya ng tungkulin ay nagsimula siyang lumubog. Nabigo siya. Kahit ka pa mabigo, walang kinalaman iyan dito. Simula't sapul ay bigo na tayo, ngunit may Isang nakatayo ngayon dito na malakas ang kamay na makaabot sa atin at makapag-aahon sa atin.

Kung sakaling nagkamali ka. Kung may babaeng nagkamali, may lalaking nagkamali, may batang lalaki, batang babaeng nagkamali, huwag kayong lulubog. Sumigaw kayo sa inyong kawalan ng pag-asa, "Panginoon, iligtas Mo ako, kundi'y mapapahamak ako." Maging desperado kayo. Diringgin kayo ng Diyos. Lagi Siyang nakikinig sa isang desperadong kaluluwa. Iyan ang sinisikap kong sabihin sa inyo.

86 Ang mahal nating Panginoong Jesus mismo, sa pinakadakilang dako ng pakikibaka sa buong mundo, sa Getsemane, nanangis Siyang may desperasyon. Aakuin ba Niya ang kasalanan ng sanlibutan o mananatili na lang siya sa piling ng kaniyang mga mahal na alagad, gaya ng nais niyang gawin. Ngunit masdan ang Kaniyang kapakumbabaan nang ibaba Niya ang Sarili Niya, "Hindi ang kalooban Ko kundi ang Iyo nawa ang matupad," nagpakumbaba siya sa Salita, sa pangakong Salita ng Diyos sa Langit. Pansinin ninyo na pagdaka'y lumayo pa Siya nang kaunti; at kung lumayo pa Siya nang kaunti, gaano pa kaya tayo dapat lumayo pa ng kaunti. Kita n'yo? At pansinin n'yo, ang sabi ng Kasulatan dito sa Lucas ay nanalangin Siya nang maningas. Brother, Sister, kung si Jesus ay nanalangin ng maningas, gaano pa kaya tayo dapat manalangin ng maningas? Kung si Cristo nga na Diyos ng Langit na nagkatawang tao, ay kinailangan manalangin nang maningas, gaano pa kaya tayo, na mga makasalanang naligtas ng biyaya, dapat manalangin ng maningas? Kung ibinunsod ng pagpapasiyang iyon ang Anak ng Diyos upang maging desperado, ano kaya ang gagawin nito sa iyo at sa akin? Dapat tayong manangis nang may desperasyon.

Ang Diyos sa huling mga araw na ito, hinayag na Niya ang Kaniyang Sarili sa atin sa pamamagitan ng dakila Niyang mga tanda at kapangyarihan…Dapat ay gawin tayo nitong desperado. Tama. At ang Kaniyang pagiging laan upang pagalingin tayo at iligtas tayo ay dapat magbunsod sa ating lahat sa desperasyon upang makarating tayo sa batong kagalingan. Tama.

87 Tingnan n'yo. Kung si Florence Nightingale, ang apo sa tuhod ng dakilang si Florence Nightingale na nagtatag ng Red Cross…Nakita n'yo ang litrato sa aklat, marahil ay tatlumpung libra na lang ang timbang niya. Nilamon na siya ng kanser. Sa London, England…Dinala nila siya mula sa Africa patungong London England. Sinagot ni Brother Bosworth ang sulat niya at sinabi sa kaniya, "Hindi kami makapupunta sa Africa."

Sinagot niya ang sulat—ipinasulat niya sa nars at ang sabi, "Hindi ako maaring ilipat. Hindi maaari." Ipinakita ang litrato…Nakita ninyo ang litrato. Kinailangan nga lang naming lagyan ng kapirasong takip. May maliit na kurdong nakatali. Naisip ko na baka may kung sinong, dahil napalagay iyon sa aklat, baka may pumuna dahil siya ay—lantad na lantad kasi ang katawan niya roon, ngunit—at naglagay kami nang kapirasong takip dito sa katawan niya. Mayroon lang siyang ka—kapirasong basahan o tuwalyang nakatakip sa— sa kaniyang balakang, ngunit sa itaas ay wala. At maging… Ngunit naisip naming lagyan iyon ng kapirasong papel at muling pakunan ng litrato ang litrato. Para walang masabi ang mga taong hindi tama kung mag-isip, upang hindi nila ako punahin sa paglalathala ng litratong iyon.

88 At pagkatapos, nang sabihin ng duktor na hindi siya maaaring ilipat, at alam niyang bibisita ako sa England, nagpalagay siya sa isang istretser, at nagpasakay siya sa eroplano, at nagpadala siya sa London, England at nagpasugo siya ng guwardiya roon upang maipanalangin siya. At napakalala na niya at hindi na niya magawang makipag-usap sa akin. Kailangan pa nilang itaas ang kamay niya upang mahawakan ko.

89 Alam naman ninyo sa London, ang iba sa inyo na mga kawal ay nakarating na roon. Laging mahalumigmig doon. At lumuhod ako roon sa tabi ng bintana, at siya'y…Dumadaloy ang luha. Nais niyang…Hindi ko alam kung saan nagmula ang tubig at nakaluha pa siya. Puro na siya buto, na may balot na balat; at ang—ang mga binti niya sa may gawing balakang ay hindi pa nga siguro aabot ng dalawang

pulgada, o kaya'y tatlong pulgada. Bagsak na ang mga ugat niya. Kung paano pa siyang nabubuhay ay hindi ko alam. Nakita ninyo ang litrato niya nung huli.

90 Lumuhod ako sa tabi ng kama. Desperado na siya. Makarating man ako o hindi, dadalhin talaga nila siya.

At nagpunta ako roon; nagdurugo ang puso ko gawa ng pananampalataya ng aba at naghihingalong nilalang na iyon, at nanalangin ako nang taos sa aking puso. At nang magsimula akong manalangin, isang munting kalapati ang dumapo sa bintana, nagpalakad-lakad at humuhuni. Ang akala ko'y alaga iyon ng kung sino. Isang oras pa lang ako sa England, galing ako sa paliparan. At ang akala ko ay alaga iyon ng kung sino, at nang tumayo ako't magsabi ng "Amen," lumipad iyong palayo. At sinimulan kong tanungin ang mga kapatid na lalaki, kung narinig nila ang kalapating iyon. At pinag-uusapan nila iyon, at nang sabihin ko, "Nakita ba ninyo…kung ano ang ibig sabihin ng kalapating iyon?" Binigkas ko, ITO ANG SABI NG PANGINOON, mabubuhay ka't hindi mamamatay." At buhay siya hanggang sa araw na ito. Bakit? Desperasyon. Desperasyon ang nagtulak sa babae upang manindigan, mabuhay man o mamatay. Desperasyon ang naglakip upang sabay kaming makarating doon. At bilang tanda mula sa Diyos, nagsugo Siya ng kalapati upang ibigay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON: desperado.

91 Nang si Sister Hattie Waldorp ng Phoenix, Arizona, papalapit siya sa sidewalk noong una kong gawin…Ang intern at ang asawa niya ang nagdala sa kaniya: kanser sa puso. Pinatayo niya siya upang makarating siya sa Gawain, ngunit napakalubha ng kalagayan niya at siya'y—hindi na siya makahinga; dumadaloy ang dugo pabalik sa puso miya kung saan ay kumalat na ang kanser. Ngayon, kanser sa puso…Labingwalo, o labingsiyam na taon na ang nakalipas mula noon, marahil ay dalawampu; 1947 nang mangyari iyon.

Ngayon, ang sabi niya sa asawa niya at sa intern, "Kung—kahit pa ako mamatay sa pila, basta't dalhin ninyo ako roon." Desperasyon. Nawalan siya ng malay. Hindi ko iniisip na patay na siya; ang sabi niya'y patay na siya noon. Ngayon, marahil ay patay na nga siya. Maaaring napakinggan niya ang tape na ito. Kita n'yo? Ngayon, a—a—ako'y…Ang sabi niya ay patay na siya; hindi ko alam. Ang sabi nila sa akin, "May patay na babae na papalapit sa pila." At nang dumaan ang babae ay wala na siyang buhay. At nang dalhin nila siya roon, dumating ang Salita ng Panginoon; at pinatungan ko siya ng kamay, at tumayo siya at lumakad siyang pauwi. Marahil ay mayroon nang, masasabi kong, humigit kumulang ay labingwalong taon na ang nakakalipas, at singlusog siya at singlakas…Naroon siya sa Tucson upang makipagkita sa akin pagpunta ko roon. Desperasyon: "Kahit mamatay ako sa daan, basta dalhin n'yo ako roon. Pinagaling Niya ang iba; pagagalingin din Niya ako." Handa siya… 1

92 Mapuspos nawa ang mga puso natin ng pag-ibig sa araw na ito, at maging maningas nawa ito, at maging desperado. Pag nagtagal pa, baka maging huli na.

Si Jairus minsan ay may isang anak na babae na naghihingalo. Isa siyang borderline believer. Naniniwala siya kay Jesus, ngunit takot siyang ipahayag ito, dahil ititiwalag nila siya sa sinagoga. Ngunit dumating ang duktor isang umaga at ang sabi, "Mamamatay na siya ngayon." Pumasok na ang desperasyon. Hindi niya kaya, dahil may posisyon siya, na makitang kasama niya si Jesus na taga-Nazareth, dahil maiwawala niya ang posisyon niya bilang pari. Ngunit sinasabi ko sa inyo, pagdating ng emergency, naitulak siya sa desperasyon. Nakikita kong hinahagilap niya ang kaniyang pangministrong balabal at sombrero, at isinuot niya iyon. Heto't humahangos siya sa karamihan, nakikipagsiksikan, kung saan ay may babaeng humipo sa damit Niya, at iba pa, at nagsisigawan silang lahat. Ngunit pumasok siya at ang sabi, "Guro, nakaratay ang anak kong babae at naghihingalo na. Guro, Guro,nakaratay ang munti kong anak at naghihingalo na, at kung paririto Ka lamang at papatungan siya ng kamay, mabubuhay siya." Ay naku. Kung minsan ay nakapagsalita kayo ng mga bagay-bagay gawa ng desperasyon, at ito ang nagbubunsod sa inyo upang gumawa ng mga bagay-bagay. Naligtas ang anak niya gawa ng desperasyon.

93 Maging desperado tayo, gaya ng abang babaeng ito na inaagasan ng dugo. Ayon sa Biblia ay naubos na ang lahat niya sa mga maggagamot ngunit hindi nila siya matulungan. Sumapit na siya sa panahon ng menopause hanggang sa humantong iyon sa pagbaha, at inagasan siya, at hindi iyon maampat. Marahil ay naipagbili na nila ang bukirin, ang mga mola, ang mga kabayo, at ang iba pa; at walang makatulong sa kaniya. At binilinan siya ng pari na huwag siyang la—lalapit sa mga ganon. Ngunit isang araw ay dumungaw siya. Nakatira siya sa pangpang, kung saan naroon ang bukid; nakakita siya ng maraming tao na nakapaligid sa isang Lalaki, at ang sabi nila, "Ano iyon?" Ang sabi nila, "Si Jesus iyon na taga-Nazareth." Pumasok ang desperasyon. Ang sabi niya, "Hindi ako kilala ng tao… A—ako'y…Ngunit kung magagawa ko lamang na hawakan ang layalayan ng kaniyang damit, gagaling ako." At dinaanan niya ang bawat taong-mapamintas at lahat na. Ngunit nakarating na siya roon; hinipo niya ang damit Niya, at ang desperasyon… At nang magkagayon, lumingon Siya at nagsabi, "Sino'ng humipo sa Akin?" At tumanggi silang lahat. Ngunit tumingin Siya sa paligid. Nalulukuban Siya ng isang dakilang kaloob ng Diyos. Diyos Siya; at nasumpungan Niya ang abang babae at sinabi Niyang naampat na ang pag-agas ng kaniyang dugo. Desperasyon ang nagtulak sa kaniya upang gawin iyon.

94 Desperasyon ang nagtulak—nagtulak sa reyna ng Timog. Nabalitaan niyang gumagana ang kaloob ng Diyos kay Solomon. Itinulak siya roon ng desperasyon.

Desperado. Mga tao sila, tulad n'yo, tulad ko. Wala silang kaibahan sa iyo at sa akin. Mayroon silang limang pandama. Nagsisikain sila at nagsisiinom at iba pa, gaya rin naman natin, nabubuhay at namamatay. Mga tao sila. Itinulak siya nito sa isang desperasyon hanggang sa dalhin niya ang bahagi ng kaniyang kaharian. Itinulak siya nito hanggang sa hindi na niya alintana ang mga Ismaelita na maaaring tumambang sa kaniya sa disyerto, siyamnapung araw siyang tumawid sa Sahara Desert sakay ng kamelyo.

Desperasyon, pupunta pa rin siya roon. At nang makarating siya roon, walang anumang nailingid kay Solomon bagkus ay sinabi niya sa kaniya ang mga bagay na nais niyang malaman. Desperasyon. Sinabi ni Jesus na babangon siya sa araw ng paghuhukom kasama ang saling-lahing ito at hahatulan Niya ito, pagka't naririto ang Isang higit na dakila kaysa kay Solomon. Desperasyon.

95 Sa pagtatapos ay maaari ko itong sabihin: Hindi pa katagalan doon sa Mexico ay may nakita akong isang bagay na desperado. Kapapanhik ko pa lang sa entablado ng malaking arena, at ikasiyam pa lang ng gabi noon. Isang matandang lalaking bulag, nung sinundang gabi, lubos ang pagkabulag sa loob lamang ng mga tatlumpung taon, nakakita siya, at lumibot siya sa lungsod na iyon noong araw na iyon at nagpapatotoo. May bunton ng mga damit, na nakalapag na ang haba marahil ay tatlumpu o apatnapung yarda, ganiyan kataas, mga lumang balabal. Marahil ay apatnapu o limampung libo ang mga taong naroroon. At ang mga lumang sombrero at balabal…Kung kanino ang mga iyon, marahil ay kailangan nilang pagpasiyahan ang bagay na iyon. Bumubuhos ang ulan…

96 At ibinaba nila ako sa pamamagitan ng isang lubid sa isang pader, at nakababa ako sa entablado. Ang mangangaral…Ang lalaking nakaupo rito, dinala nila ang kaniyang…Pumarito siya pati na ang kaniyang anak mula sa Michigan, ilang sandali pa lamang ang nakalilipas, nag-uusap sila tungkol kay Brother Arment. Naalala natin siya rito. Naroon na siya sa mga lansangan ng langit ngayong gabi. Naroroon si Brother Arment at hinubad niya ang kaniyang overcoat, at tumayo siya sa ulanan, at ibinigay iyon kay Brother Jack Moore upang isuot niya, dahil nagangatog na si Jack. Ang taga-timog ay malapit nang magyelo sa lamig ng ulan sa Mexico. At naroon siya't nakatayo.

At nilapitan ako ni Billy Paul, ang anak ko, at ang sabi, "Daddy, kailangang gumawa ka ng paraan. May isang abang babaeng Mexicana roon na may dalang patay na sanggol na namatay kaninang umaga. Hindi sapat ang dami ng ushers ko upang pigilan siya sa pagpila." Kung pagpapatong ng kamay sa patay na bata ay makapagbibigay dito ng buhay. Isa siyang Catolico, at siya…Hindi nila siya mapigilan.

At si Brother Espinosa at ang mga kasama niya, sinabi na nila sa kaniya na, "Wala na kaming prayer card; kakailanganing maghintay ka sa susunod na gabi."

97 Ang sabi niya, "patay na ang anak ko. Kanina pang umaga siya namatay. Kailangan kong pumasok doon." At pupunta talaga siya may prayer card man o wala. At nagpahanay sila roon ng mga tatlong daang usher. At sumuot siya sa ilalim ng kanilang mga paa, at lumundag sa kanilang mga likuran, at nagtatakbo siyang dala ang patay na sanggol, at nagkandarapa siya sa karamihan ng mga tao. Bale wala iyon sa kaniya, nagsisikap siyang makarating doon. Desperado siya. Nangusap ang Diyos sa puso niya na ang Diyos na may kakayanang magbigay ng paningin, ay makapagbibigay din ng buhay. Ay naku. Desperado siya. May kung ano'ng nag-aalab sa kalooban niya.

98 Oh, sa mga taong may sakit, kung hahayaan lang ninyong mag-alab iyan sa inyong mga puso sa loob ng ilang minuto, masdan ninyo kung ano ang mangyayari, ang gayong uri ng desperasyon… Ang Diyos na may kakayanang magpagaling sa munting batang lalaking iyon nung isang gabi, na nagpagaling ng babaeng iyon na may kanser, nagpagaling sa lalaking ito, at nakagagawa nito, kay Bb. Florence Nightingale, oh, ang libu-libong…Siya na…Hindi mapapasubaliang katibayan…Bumubuhay sa mga patay, at nagpapagaling sa maysakit, at lahat ng iba pa, kung Diyos Siya na makagagawa niyan, Diyos Siya kahapon, Diyos Siya ngayon. Maging desperado kayo, kung magkagayon ay may magagawa kayo.

99 At sa desperasyong iyon ay nagpatuloy siya sa pagmamadali. Ang sabi ko kay Brother Jack Moore; ang sabi ko, "Hindi niya ako kilala. Hindi pa niya ako nakikita kailanman. Hindi niya kilala kung sino ang nakatayo rito sa entablado." Ang abang Catolicong babaeng iyon na hindi—hindi siya makapagsalita ng isa mang Ingles, paano niyang makikilala kung sino iyon. Ang sabi ko, "Bumaba kayo, ipanalangin ninyo ang sanggol, at masisiyahan na siya, at aalis siya." Ang sabi, At hindi iyon magiging dahilan…"Walang tigil ang kaguluhan doon sa ibaba. Tatalon siya at magsisigawan ang lahat. Hahakbang siya sa kanilang mga balikat at madadapa siya sa karamihan ng mga tao. Makasusulong siya ng ilang talampakan at muli naman nila siyang itutulak; at heto't lumuluso't siya sa pagitan ng kanilang mga binti, kargakarga ang sanggol, nagagalit ang mga usher at ang lahat ng iba pa. Bale-wala iyon; pupunta at pupunta talaga siya roon. Kailangan niyang makarating doon; kahit ano pa ang danasin niya; pupunta talaga siya roon, upang ang ministro…

100 Ngayon, hindi ba't katulad ng ikinuwento tungkol sa babaeng Sunamita. Iyon nga lang at hindi ito nangyari tatlumpu't limang daang taon na ang nakalilipas; nangyari ito mga tatlong taon na ang nakalilipas, marahil ay apat. Kita n'yo? Maari rin itong maganap sa gabing ito. Kung lilitaw ang gayon ding desperasyon at mapagsasama nito ang pag-ibig at pananampalataya doon sa harapan ng pakikibaka upang angkinin kung ano ang nais mo, sapagka't ipinangako ng Diyos na ito'y mapapasaiyo. Tama nga iyan.

101 Lumingon ako, ako, ang mangangaral, at ang ebanghelista sa—sa lugar na iyon; lumingon ako. Naawa ako sa babae, ngunit walang desperasyon. Kita n'yo? Lumingon ako at inisip ko, "Buweno, ipapanalangin siya ni Brother Jack at sa—sapat na iyon."Lumingon ako, at ang sabi ko, "Habang nagsasalita ako, ngayon, ang pananampalataya…"Tumingin ako roon, at nagkaroon ako ng pangitain. May nakita akong isang sanggol na nakaupo roon, isang sanggol na Mexicano na maitim ang mukha at walang ngipin. Tinatawanan niya ako, nakaupo siya roon. Ang sabi ko, "Sandali lang.. Sandali lang." Ang pagiging desperado niya ang nagbunsod sa Espiritu Santo upang baguhin ko ang aking paksa, baguhin ang aking puso, at ipakita sa akin ang sanggol niya na nakaupo roon. Pinabalik niyon ang Espiritu. Ang sabi ko, "Sandali lang. Sandali lang. Dalhin n'yo sa akin ang sanggol." Heto siya't kilik ang maliit, basa, babad, na bughaw at puting kumot, naroon ang patay na anyo, mga ganyan kahaba. Nagpatirapa siyang hawak ang krusipiho at rosaryo upang magdasal ng Ave Maria. Ang sabi ko sa kaniya, "Itabi mo iyan, hindi na kailangan iyan." At lumapit siya sa kinatatayuan ko, at nagsimula siyang sumigaw, "Padre," na ang ibig sabihin niya ay "Ama." Ang sabi ko, "Huwag mong sasabihin iyan. Huwag mong sasabihin iyan. Sumasampalataya ka ba?" At ipinangusap niya iyon sa wikang Kastila sa kaniya, kung sumasampalataya siya. Ang sabi niya, "Kung nagawa ng Diyos na ibigay sa matandang lalaking iyon ang kaniyang paningin, maaari rin Niyang ibigay sa anak ko ang buhay niya." Amen. Desperasyon ang nagtulak sa kaniya roon. Wala akong anumang bahagi roon; nakita ko lang ang pangitain. Ang sabi ko, "Panginoong Jesus, nakakita ako ng pangitain ng isang munting sanggol. Maaaring ito na iyon." Sa pagkakataon ding iyon ay isinikad niya ang paa niya, at ang sabi , "Wha, wha, wha!" Ang sabi ko, "Sundan n'yo siya sa duktor; kunan niyo ng sinulat na salaysay ang duktor , na patay na ang bata. At sumulat ng salaysay ang duktor, "Ang paghinga ng sanggol , tumigil sa pagtibok ang puso ng bata kaninang umaga sa loob ng aking opisina ganap na ikasiyam, double pneumonia ang ikinamatay niya." Oh, naroon ang bata't buhay sa Mexico sa gabing ito sa abot ng nalalaman ko. Bakit? Pumasok ang desperasyon sa puso ng isang abang ina, na nanangis para sa kaniyang anak, na nakakita kung ano ang ginawa ng Diyos, nagpagaling sa bulag na mga mata ng isang lalaki, at alam niyang kaya Niyang buhayin ang isang patay na sanggol.

102 Desperasyon. "Kung hahanapin Mo ako nang taos sa iyong puso, diringgin kita." Kita n'yo? Ang Kaharian…

Ang mga kautusan at ang mga propeta ay hanggang kay Juan. Mula noon, ang Kaharian ng Langit ay naipangaral na, at nagsisikap na makapasok Dito ang mga tao. Huwag kang tatayu-tayo at magsasabi, "Kuwelyuhan Mo ako, Panginoon, itulak Mo akong papasok." Magsikap kang makapasok. Maging desperado ka, sa pagitan ng buhay at kamatayan.

103 Sana'y may oras pa ako para sa isa pang kuwento, na iniisip ko ngayon tungkol sa isang babae, isang batang babae ang nalihis ng landas, at kung paanong naglipat na siya ng mga bagong pahina at ng mga bagay-bagay, hanggang sa sabihin ko, "Sister…"

Tumayo siya at nagsabi, "Na—naniniwala akong gagaling na ako." Ang sabi ko, "Hindi, hindi. Diyan ka lang." At nang magkagayon, bigla na lamang siyang nanalngin ng malumanay at bigla iyong lumakas nang lumakas. At katagalan ay naging desperado siya, ang sabi, "Oh, Diyos, iligtas Mo ako."

Hindi siya mapagaling ng Alcohol Anonymous. Walang ibang makapagpagaling. Ngunit tiningnan ako ng malalaki at maiitim na mga matang iyon, at tumutulo ang mga luha sa kaniyang pisngi; ng sabi niya, "May nangyari." Oh, siyanga. Opo. May nangyari. Naging desperado siya. 154 Maging desperado tayo tungkol dito; nangangahulugan ito ng kamatayan at buhay. Kung hindi ka magiging desperado, huwag ka nang dumaan dito. Kung desperado ka, pumarito ka, pumarito ka at manood, ma—makukuha mo ito sa sandaling makarating ka rito.

104 Manalangin tayo. Sa inyong desperasyon abangan ninyo ang Kaharian ng Diyos; darating ito sa inyo.

Makalangit naming Ama, dumadalangin ako sa Iyo sa Pangalan ni Jesus, mahabag Ka sa amin, Panginoon. At pasimulan Mo sa amin ang desperasyon. Oh, Panginoong Diyos, mahabag Ka sa amin; dumadalangin ako, at itulot Mong hanapin Ka ng mga tao ngayong gabi nang may mga pusong desperado. Alam naming naririto Ka, Panginoon. Ikaw ay siya rin kahapon, ngayon at magpakailan man. 157 At ngayon, nawa ang mga taong ito na nagtataglay ng Token, na lumipat na mula kamatayan tungo sa Buhay, nagbago na sila mula sa dating makasanlibutang buhay tungo sa isang panibagong buhay… Sila'y…Naipahid na ang Dugo at binigyan na sila ng Diyos ng palatandaang Token. Nawa'y kunin nila ang Palatandaan iyan sa kanilang mga kamay, ang mga taong may sakit, at sabihin nila, "Isa akong nabayaran nang produkto ng Diyos. Ako'y na kay Cristo, at walang karamdaman sa Kaniya. Na kay Cristo

na ako, at sa kaniya ay walang kawalan ng pananampalataya. Iwinawaksi ko ang lahat ng bagay na sinabi ng Diablo. Tinatanggap ko ang aking Palatandaan na ang aking… 'Nasugatan Siya dahil sa aking pagsalangsang; binugbog Siya dahil sa aking kasamaan; ang parusa na aking kapayapaan ay inako niya; at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay gumaling ako.' At hawak ko ngayon ang Palatandaan na kilala na ako ng Diyos na—ang layunin—ang persona— binayaran ng Dugo ng Panginoong Jesus. At hawak ko ang Palatandaan ng Kaniyang kamatayan sa aking kamay, sapagkat muli Siyang nagbangon, at ako'y sa Kaniya at siya'y sa akin. Susulong akong taglay ang matibay na pananampalataya, na mula sa gabing ito, nananampalataya ako sa Diyos, at gagaling ako pagdating ko roon, at nakatagpo na ang mga hinihingi; dahil ang huling mga salitang mamumutawi sa Kaniyang mga labi ay ito: ”Kung ipapatong nila ang mga kamay nila sa maysakit ay magsisigaling sila.“ Itulot Mo nawa ito, Panginoon. Nawa'y sumibol ang desperasyon, dahil hiling ko ito sa Pangalan ni Jesus, Amen.

Kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako; Kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako. Kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako. Na pinagaling na ako ni Jesus ngayon. Oh, kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako Kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako.(Isipin na lang ninyo: Determinado ako.“) Kaya ko, gagawin ko, sumasampalataya ako. Na pinagaling na ako ni Jesus ngayon.

105 Naniniwala ba kayo riyan? “Determinado ako. Determinado ako, sa biyaya ng Diyos na hindi ako titigil hanggang sa may tumama sa akin. At pupunta ako roon upang mapatungan ako ng mga kamay.” Ngayon, hindi pa tayo binibigo ng Diyos. Naniniwala akong ang Dakilang Manggagamot ay naririto ngayon. Naniniwala ako sa Diyos na sumulat ng salita; naniniwala ako sa Diyos na gumawa ng hain; naniniwala ako sa Token ng Diyos na lumilinis sa atin mula sa kasalanan sa gabing ito, ang Token, ang Sarili Niyang Buhay, ay kasama natin ngayon, “Ako'y sasainyo, maging hanggang sa wakas ng sanlibutan, gayon ma'y makikita ninyo Ako, dahil sasamahan Ko kayo, at mananahan pa nga Ako sa inyo hanggang sa wakas ng sanlibutan.” Naniniwala kayo riyan? Nagtitiwala ako sa Kaniya. Naniniwala akong gagawin Niya ito. Hindi ba kayo naniniwala?

106 Ngayon, sa sandaling simulan ko iyan, nakakakita ako ng mga pangitain(Amen), dakilang mga pangitain ng Panginoon, nangungusap ng mga dakilang bagay. Amen. Kung sisimulang ko iyan ay baka abutin tayo rito ng magdamag. Sasampalatayanan ba ninyo ito? Sumasampalataya ba kayo? Sinasampalatayanan ko it nang taos sa aking puso.

Ang babaeng nakaupo sa tabi ni Brother Palmer, hindi ko siya kilala. Taga Georgia siya, at mayroon siyang pambabaeng sakit. Kung sasampalatayanan niyang pagagalingin siya ng Diyos, gagawin Niya iyon. Ngayon ko lang nakita ang babaeng iyan sa tanang buhay ko, ngunit iyan ang prublema niya. 161 Ang babaeng iyan, hindi ko alam kung narinig na niya ang mensahe o hindi pa, ngunit habang nangangaral ako rito, nakita ko siya. Paniwalaan n'yo lang ito at tingnan n'yo kung tama. Amen. Kung sasampalataya kayo. Tama.

107 Isang babaeng nakaupo sa gawing ito na may dinaramdam sa likod, lubha siyang nahihirapan, ang pangalan niya ay Gng. Wisdom. Kung sumasampalataya ka nang taos sa iyong puso, pagagalingin ka ni Jesus Cristo. Ngayon ko pa lang nakita ang babaeng iyan sa tanang buhay ko, ngunit nakaupo siya riyan at nahihirapan. Nakasuot siya ng dilaw na bestida. Tama ba iyan? Mabuti. Hindi nga ba tayo magkakilala? Oo. Mabuti po. Maari ka nang umuwi, at gumaling. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Amen.

May isa pang babaeng bago pa lang nagkaroon niyan: problema sa likod. Mayroon siyang anak na lalaki, at may problema siya sa ulo. Tama nga. Gng. Parker ang pangalan niya. Kung sasampalataya kayo nang tapat sa puso n'yo, kapuwa kayo pagagalingin ni Jesus Cristo. Amen. Hindi tayo magkakilala. Tama nga. Amen. Sumampalataya kayo nang taos sa puso ninyo.

108 Naririto ang isang lalaking may katandaan sa gawing iyan mula sa Michigan. Nagkakaproblema siya sa tainga niya. Oh, nakakaisip siya ng mga tinig, problemang espirituwal. Tama ba? Naniniwala kang iyan—iyan… Hindi ka nakatitiyak kung Diyos nga ba iyon o kung sino lang ang kumakausap sa iyo. Nakaririnig ka ng ingay sa tainga mo. Hindi mo ako kilala. Kung tama iyan. Itaas mo ang kamay mo, at iyan nga ang nangyayari. Hindi ka na muli pang gagambalain niyan; pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Sumasampalataya ka ba sa dakilang Manggagamot?

Kakausapin kita—ngunit Norway pala—at hindi ka—ang naiintindihan mo ay ang wikang Norway. Sige, sabihin mo sa kaniya na umuwi na siyang sumasampalataya sister, kung alam mong ipangusap iyan. Sabihin mong mawawala na ang sakit niya sa ulo. Ngayon, alam ninyong hindi ko siya kilala. Naparito siya't galing pa siya sa Norway para maipanalangin. Magbalik kang isang taong pinagaling.

Oh, si Jesus Cristo ay siya ring kahaom, ngayon, at magpakailan man. Ano nga ba ito? Ito iyong Haliging Apoy, ang Espiritu Santo. Ito yaong palatandaan na nabubuhay nga si Jeus Cristo. At nang Makita ng mga tao noon araw na ginagawa Niya ang mga bagay na iyon, nalaman Niya ang iniisip nila, sapagkat Siya ang Salita, at ang Salita ay matalas pa kaysa alin mang tabak na magkabilang talim at Nakakikilala ng mga haka at layunin ng puso. Amen!

Nakakita ako ng lumiligwak na tubig at dumarating ang batang ito. Nakapakinig siya, nakabasa siya ng isang aklat doon at nasulat iyon sa wikang Norwegian. Nauunawaan niya iyon. May kumausap sa kaniya. Nahihirapan siya, ngunit kung sumasampalataya siya nang taos sa puso niya, pagagalingin siya ng Panginoong Jesus. Malayo ang pinanggalingan niya, isa siyang mahirap na bata, nagpupumilit siyang makapasok. At papatungan natin siya ng kamay sandali.

109 Sumasampalataya ka ba? Amen! Napakaganda! Ay naku. Naririto ngayong ang dakilang Manggagamot. Sister…Nasaan na si Sister Ungren at ang isa pang sister na tumutugtog ng piano? Nais kong pumarito ka agad kung maaari at tugtugan mo kami ng awitin, "Naririto ang Manggagamot, ang mahabaging si Jesus. " Nais kong ang mga taong nasa pasilyong ito na nais mapanalanginan, medyo pumarito sa gawing ito, isa-isang pasilyo lang bawat pagkakataon.

Brother Neville gawin mo iyan kung maaari. Nasaan ba si Brother Capps o sinumang namumuno sa awitan. O kaya naman si Brother Ungren, o si Brother Capps, o kung sino rito, ang makaawit ng… Pangunahan mo kami sa pag-awit nito kung maaari. Si Brother…Nasaan nga ba ang isa sa mga kapatid na iyon? Sige, po; mabuti iyan. Mabuti. Bawat isa'y manalangin.

110 Alalahanin ninyo, desperasyon. Nakikita ba ninyo kung ano ang magagawa ng desperasyon? Itutulak ka ng desperasyon upang tawirin mo ang dagat. Itutulak ka nito mula sa ibang estado. Itutulak ka ng desperasyon kahit saan. May butihing ama kasama ang anak niyang babae, desperado sila at nagsisikap silang pumasok, makapasok, lahat na, at nakaupo naman sila. Ilang sandali pa lamang ang nakalilipas ay pinalaya iyon ng Espiritu Santo dito sa Gawain, bago ako makapasok dito. Oh. Himig na napakalamyos, Mapagpalang Jesus, …ririto ang Manggagamot, Ang mahabaging si Jesus; (Panginoong Jesus, tugunin Mo nawang dalangin ng Iyong lingkod, Panginoon. Dalangin ko na Iyong…?...) Dinggin ang tinig ni Jesus. Napakagandang awitin Napakabisang Pangalan; Himig nanapakalamyos, (Ang mga taong ngayon ay desperado na, na nakatitiyak na magsisigaling kayo…Isipin na lang ninyo, sa abot ng nalalaman ko, siyento porsiyento ng mga maysakit noong nakaraang lingo ng gabi, nagsigaling nitong linggong ito.) Ang mahabaging Jesus

111 Masdan n'yo, dumarating Siya. Kita n'yo? Pinagaling na Niya kayo. Dala-dala Niya ang Salita Niya; pinatutunayan Niya ito; ipinakikita Niya ang Presensya Niya. Walang ibang makagagawa ng mga bagay na iyan maliban sa Diyos; alam n'yo 'yan. Iyan ang tanda ng Mesiyas, at alam n'yong hindi ako Mesiyas. Kaya't Siya Iyon. Ngayon, dito ay pinatunayan Niya ang lahat ng bagay sa inyo. Ngayon, dapat ay ibunsod kayo nito sa desperasyon. Dapat sana ay makuryente ang lugar na ito at mahipo ang isang—hanggang sa matulad ito sa posporong itinapon sa isang bariles na pulbura. Tiyak nga. At dapat sana'y pasabugin nito ang pananampalataya; at—at ang pag-ibig at ang desperasyon ang magtulak sa mga tao papasok sa Kaharian ng Diyos upang makapanampalataya sila nang taos sa kanilang puso. Sumasampalataya na ba kayo ngayon, ang bawat isa sa inyo? Sige na, Billy…

112 Tony, tumingin ka nga rito sandali. Matagal na kitang hindi nakikita, ngunit may sakit ka. Nahihirapan ka gawa ng sakit mong parang disenteria. Tama. Mapapawi na iyan at mawawala na iyan sa iyo…?...Nakita kong sinusundan siya ng bagay na iyon habang papalapit siya rito. Walang anumang bagay na maitatago sa Diyos sa pagkakataong ito. Matagal ko nang—hindi ko nakita si Tony sa—sa loob ng maraming buwan, wari ko, ngunit nakikita kong taglay niya iyon. Nagkasakit nga siya ng ganoon. Wala na iyon sa kaniya ngayon. Magsiyuko tayo: Walang isa mang mata ang didilat, walang isa mang mata ang titingin. Manalangin ang bawat isa. At si Billy Paul o si Brother Neville, isa sa kanila ang magtawag ng kasunod na pila pag dumating na ang pagkakataon. Ngayon, manalangin ang bawat isa. Susubukin natin ngayong… Ang pasilyo sa gitna ay pupunta sa gawing kaliwa ninyo kapag tinawag kayo. At ito naming pasilyo dito sa gawing kaliwa papunta sa gawing kaliwa ninyo kapag tinawag kayo. Tatawagin kayo ni Brother Neville. Ngayon, iniisip ko kung mayroon ba sa mga kapatirang naririto ang nais tumayo rito upang patungan ng mga kamay ang mga taong ito habang nagdaraan sila, samahan n'yo ako. Sinuman sa mga kapatid na mangangaral, Malaya kayong maparito at tumayong kasama ko kung nais n'yo. Hindi ito para lamang sa ilan. May karapatan kayong manalangin para sa may sakit gaya ko. Alam kong naririto ang Espiritu Santo. Kung mayroong hindi maniniwala dito may mali sa kanila.

113 Mabuti, sumamapalataya tayo ngayon nang taos sa ating puso ipagkakaloob ng Diyos ang mga bagay na ito na hinihiling natin. Manampalataya kayo ngayon; huwag kayong mag-alinlangan. At manalangin ang lahat para sa isa't-isa. Ano nga ba ang sinabi ng Biblia? "Ipagtapat ninyo ang inyong mga pagkakasala sa isa't-isa; ipanalangin ninyo ang isa't-isa." At sa mga taong sasama sa pila, sa sandaling mahipo kayo ng mga kamay na ito, pag-alis n'yo rito ay magsaya na kayo at magpuri na kayo sa Diyos dahil pinagaling na Niya kayo. Mabuti, lahat ngayon ay manalangin habang nangunguna si Brother Capps sa awitan. Panginoong Jesus, tulungan Mo kami ngayon. Dalangin ko sa Pangalan ni Jesus Cristo hipuin nawa ng Espiritu Santo ang bawat isa, at gumaling nawa sila habang sinusunod naming ang Iyong mga utos na patungan ng kamay ang maysakit. Sinabi Mong magsisigaling sila. Sinasampalatayanan naming ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen. Tama. Lahat ay manalangin ngayon habang nagsisimula tayong manalangin. Una ay may isang batang lalaking maysakit...

114 [Dito'y itinuloy ni Brother Branham ang huling 8 minuto ng panalangin sa prayer line mula nang baligtarin ang tape. Hindi maintindihan ang ibang sinasalita-Ed.]

…Himig na napakalambing, Mapagpalang Jesus

115 Ilan ba sa ang inyo ang naniniwalang tinugon na nga ng Diyos, tiyak na kayo sa puso ninyo na taglay na niyo ang isang selyadong katiyakan, na tinugon na ng Diyos ang inyong kahilingan dahil tinupad ninyo ang Kaniyang Salita? Naganap na. Tapos na. Na—naganap na. Sampalatayanan n'yo Siya nang taos sa inyong puso na tapos na Niyang gawin iyon. Ngayon, masdan n'yo sa linggong ito , at sa muli ninyong pagbabalik, kung ano ang naganap.

At sa palagay ko, sa muli kong pagbabalik, kung loloobin ng Panginoon, padadaanin ko ang prayer line sa isa sa mga silid na ito sa loob ng munting silid na pagdadalahan ko sa kanila. Nakikita ba ninyo? Naniniwala akong nailadlad na ito ngayon(Nakikita ba ninyo?)ang oras…

Ang nais kong mangyari ay magawa kong dalhin ang mga tao nang isa-isa, harapin sila nang isa-isa hanggang sa masaliksik ko at malaman ko, at magpatuloy akong gayon, hanggang sa manatili ako sa piling nila sa pagkakataong iyon.

116 Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Masayang-masaya kami't naririto kayong lahat. Mayroon na ba kayong—nagpupunyagi na ba kayo ngayon? Kayo ba'y—desperado na ba kayo? Ang taglay mong desperasyon para sa iyong kagalingan, humupa na ba iyon sa pag-ibig, at pananampalataya, at pagtitiwala na gagawin ng Diyos kung anong ipinangako Niya gabing ito. Gagawin ng Diyos…Sa maliit na bata—mayroong dalawa o tatlo sa kanila ang naririto na nakaupo sa wheelchair—Ako'y—mananampalataya tayo para sa kanila(Opo.), na magsisigaling din sila. Gagaling sila. Hindi ba kayo naniniwala? Amen! Iigi sila; sila'y—kailangang mangyari ito. Sinabi ito ng Diyos, at desperado tayo at sasampalatayanan natin ito ngayon, na ito'y mangyayari.

117 Ngayon, ang mga paglilingkod natin kinapapalooban ng sunud-sunod na mga Gawain. Ngayon ay wawakasan na natin ang Gawain para sa mga kailangan nang umalis. At sa abot nang natatanaw ko, walong minuto na lang bago mag ikasampu; at kung kailangan n'yo nang umalis, na—nagagalak kami na naparito kayo, at nais naming magbalik kayo upang makasama naming kayo. Ang iba sa inyo, pagkatapos nating tumayo, uupo tayong muli at magsisialis, umalis kayong tahimik hangga't maaari. At magdaraos tayo ng Komunyon pagkatapos na pagkatapos nito. Inaanyayahan naming kayong manatili kung magagawa ninyo. Kung hindi naman, pagpalain kayo ng Diyos. Ipanalangin ninyo ako. Ipapanalangin ko kayo. At alalahanin ninyo, panatilihin ninyong nakapahid ang Token at maging desperado kayong makapasok sa Kaharian ng Diyos. Amen! Ngayon ay aawitin natin ang ating pangwakas na awit, kung maaari at …"Ngalan ni Jesus ay Dalhin," habang nagsisitayo tayo. …ay dalhin, Anak ng dusa't dalita; Dulot ay kaligayahan; Saan ka man umabot pa. O daki-(O daki-)…lang Pangalan (Pangalan!) Pag-asa ng lupa't Langit. O dakilang Pangalan!(Pangalan!)

Pag-asa ng lupa't Langit.

Magkamayan kayo, sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid kong manlalakbay." Taos sa puso, buong katapatan, buong paggalang…At mga kaibigan kong Cristiano, sa oras ng pakikisama, magkamayan kayo, mga kapatid na lalaki't babae. Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Napakaganda. Mahal Siya, Mahal Siya, Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Sa piling Niya'y magkikitang muli; Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Pagpalain ka, hanggang sa muli. Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Sa piling Niya'y magkikitang muli(sa muling pagkikita); Hanggang sa muli, hanggang sa muli, Pagpalain ka, hanggang sa muli.

118 Buong giliw at pakikisama ng dakilang Token ng Diyos, ang Espiritu Santo, manatili nawa Siya sa piling ninyong lahat hanggang sa muli nating pagkikita. Sumainyo nawa ang biyaya ng Diyos, puksain nawa Niya ang daan ng kamatayan sa inyong unahan, upang mahawaan ang inyong landasin, upang lagi ninyong Makita si Jesus sa inyong harapan at hindi ka matitinag.

119 Makalangit naming Ama, ibinibilin naming ang gawaing ito, sampu ng Gawain kaninang umaga, ang mga gawaing iyon, sampu ng lahat ng naisagawa, at lahat ng luwalhati ay sa Iyo, pinasasalamatan at pinupuri Ka naming sa pagligtas Mo sa mga tao, at sa pagkakaloob Mo sa amin ng Iyong dakilang biyaya na siyang tinitingnan naming lahat upang magligtas sa amin. Pinasasalamatan Ka naming dahil dito. Sumaamin Ka nawa nagyaon hanggang sa muli naming pagkikita. Katagpuin Mo kami sa Komunyon. Dumoon Ka sa manibela ng mga magmamaneho, Panginoon, pauwi sa mga tahanan nila. Gabayan Mo sila sa walang-pakundangang mga araw ng kasayahan upang walang anumang sakuna o panganib na mangyari sa kanila. Sa Ngalan ni Jesus Cristo ay hiling naming ito. Amen. (Sige. "Ngalan ni Jesus ay Baunin," minsan pa.) Ngalan…ni Jesus ay baunin, Pananggalang sa silo; Kung pagsubok ma'y dumito, (Ano'ng gagawin n'yo pag nagkagano'n) Manalangin kay Jesus. O daki-(O daki-)…lang Pangalan! (Pangalan) Pag-asa ng lupa't Langit. O dakilang Pangalan! (Pangalan!) Pag-asa ng lupa't Langit. Yuyukod sa Kaniyang Ngalan, Utos Niya ay susundin, Hari Siyang mapuputungan, Sa dulo ng paglalakbay. O

dakilang(Pangalan!) Pag-asa ng lupa't Langit. O dakilang Pangalan! (Pangalan!) Pag-asa ng lupa't Langit.

120 Ngayon, bago kayo maupo, habang tumatahimik ang karamihan para sa Gawain ng Komunyon…Kung hindi ako nagkakamali, hindi ba't si Brother Blair ito, ang mangangaral na nakatagpo ko sa Arkansas hindi pa katagalan? Sabi ko na nga ba eh; hindi ko kasi tiyak. Naparito ka para ialay ang isang bata, isang munting bata, kaninang umaga. Sa loob-loob ko, "Hindi ba't nagkita tayo hindi pa katagalan doon sa Hot Springs, Arkansas, kasama…Siyanga, may nakatakdang mangyari noon at sinalita iyon ng Espiritu Santo. Tama nga ba? Mabuti. Mangyari'y…Bigla ko kasing naalala ngayon; naisip ko, "Siya ang kapatid na iyon."

Nagagalak ako't naririto ka, Brother Blair. Ngayon, ay hihilingan ko si Brother Blair kung mamarapatin niyang manalangin sa Diyos upang linisin Niya tayo para sa pangongomunyon na ngayon ay napipinto nating ganapin. Maaari ba Brother Blair? [Nanalangin si Brother Blair, sumasang-ayon si Brother Branham habang nananalangin ang kapatid-Ed.] Opo…Opo, Panginoon…Itulot Mo po, Panginoon…Amen. Maaari na kayong makaupo ngayon, bawa't isa sa inyo.

121 At ngayon, sa organ, sister, lagi nating tinutugtog ang, "Mayroong Bukal na Puspos ng Dugo," at maaari na ninyong pasimulan ang

inyong…?...hayan…?...Sige. Ang pagbasa…ngayon, kung magagawa nating tumahimik sandali.

[May kinausap si Brother Branham-Ed.] Oo, sister. Sige, sister. Maghanap ka lang dito hanggang sa Makita mo. Walang masama riyan, anuman iyon…Iyan na ang. Sige, sister. Sige. Ngayon, babasahin ni Brother Neville ang gaganaping Komunyon. At magsisiparito na ang usher—kung sakaling may mga dayuhan dito—sa bawat upuan, at dadalhing isa-isa ang nasa bawa't pasilyo sa ating pagdulog, at isa-isang hahanay para sa Komunyon.

122 At ngayon, magbulay-bulay na kayo ngayon. Alalahanin n'yo, kinain iyon ng Israel nang may desperasyon sa paglalakbay ay walang isa mang nanghina sa kanila sa dulo ng apatnapung taon. Ito rin naman ay pagpapagaling ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, Brother Neville.[Binasa ni Brother Neville ang 1Corinto 11:23-32-Ed.] Sapagkat tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko sa inyo; na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay; At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom sa pag-aalaala sa akin. Sapagaka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito , at inuman ninyo ang saro ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya. Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon. Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro. Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon. Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at hindi kakaunti ang nangatutulog. Datapuwa't kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.

Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanlibutan.

(Basbasan nawa ng Panginoon ang pagbasa ng Kaniyang Salita.)

123 Hawak ko ang tinapay na Kosher, kulubot at pilas, kumakatawan sa Katawan ni Jesus Cristo. Sa pamamagitan ng napunit na tabing na ito ay nagkaroon tayo ng karapatang pumasok sa dakong kabanal-banalan.

Makalangit naming Ama, ang tinapay na ito na hinanda upang kumatawan sa lasug-lasog at sugatang Katawang iyon. Nawa ang bawa't isa sa amin, sa pagtanggap naming dito, mangyari nawa na parang totoo naming itong isagawa. At nawa'y mapasaamin ang kapatawaran ng aming mga kasalanan, pati na ang karapatang pumasok sa pinakabanal na dako, upang mamuhay kami sa Iyong Presensya sa haharapin naming buhay, at sa lahat ng araw na ipamumuhay naming dito sa ibabaw ng lupa, at makasama nawa kami sa Iyo sa walang hanggan magpakailan man. Itulot Mo po ito, Ama. Basbasan Mo ang Tinapay na ito para sa layuning ito, sa Ngalan ni Jesus. Amen.

124 Ang sabi ng Biblia, "Matapos Niyang kunin at pagputul-putulin ang tinapay, ay kinuha rin Niya ang saro, at nang makahapon Siya ay Kaniyang sinabi, 'Ito ang saro ng Bagong Tipan na nasa Aking Dugo, na nabubo alangalang sa inyo." Igawad nawa ng Panginoon ang pagpapala Niya rito habang nananalangin tayo.

Panginoong Jesus, hawak ko rito ang Dugo ng Baging, ang katas ng ubas. At Ama, ikinakatawan nito ang mahal na Dugong siyang lumilinis sa amin, at nagmula roon ang Token. Pinasasalamatan Kita dahil Dito, Ama, at dahil sa sagisag na ito. Ang sabi mo, "Sinumang kumain at uminom nito ay may Buhay na

Walang Hanggan, at babangunin Ko siyang muli sa huling panahon.” Pinasasalamatan Ka naming dahil sa pangakong ito. At Ama, dalangin naming sama-sama Mong linisin ang aming mga puso, nang sa gayo'y maging karapat-dapat kami sa pamamagitan ng—aming pananampalataya, dahil nalalaman naming sa sarili naming ay hindi kami karapat-dapat, ngunit hindi nabibigo ang pananampalataya naming, na sakdal naming tinatanggap ang Dugo ni Jesus Cristo. Itulot Mo po ito, Ama.

At linisin Mo pa ang alak alang-alang sa layunin nito. Nawa ang sinumang uminom ng alak na ito sa gabing ito at sinumang kumain ng tinapay na ito, magkaroon nawa siya ng lakas sa lakbaying kinakaharap naming. Itulot mo po ito Panginoon. Nawa'y maging malusog sila, at malakas, at mapuspos sila ng Iyong Espiritu Santo hanggang sa dumating si Jesus. Amen.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7